

ABISO NG MGA PANANGGALANG SA PAMAMARAAN PARA SA MGA MAGULANG/TAGAPANGALAGA NG MGA MAG-AARAL NA MAY KAPANSANAN (June 2022)

Saklaw ng sumusunod na mga pananggalang sa pamamaraan ang lahat ng kwalipikadong mag-aaral na may kapansanan, kabilang ang mga kwalipikadong mag-aaral na nangangailangan ng patuloy na karanasan sa edukasyon sa pampublikong paaralan upang mapadali ang kanyang matagumpay na transisyon at integrasyon sa adultong buhay hanggang sa edad 21, kasama -- maliban kung ang kanyang ika-22 na kaarawan ay mangyari sa panahon ng taon ng pasukan, kung saan siya ay kwalipikado para sa mga naturang serbisyo hanggang sa katapusan ng taon ng pasukan. Bukod dito, simula sa Enero 1, 2022, ang mga bata na nakatanggap ng mga serbisyo ng maagang interbensyon bago ang kanilang ikatlong kaarawan at napatunayang karapat-dapat para sa Indibidwal na Programa sa Edukasyon (IEP, para sa akronim nito sa Ingles) at ang kaarawan ay nasa pagitan ng Mayo 1 at Agosto 31 ay maaaring patuloy na makatanggap ng mga serbisyo ng maagang interbensyon hanggang sa simula ng taon ng pasukan kasunod ng kanilang ikatlong kaarawan. Bilang magulang/tagapangalaga, karapatan ninyong piliin na kunin ang pinalawig na opsyon at pagkatapos ay baguhin ang inyong desisyon at tanggihan ang opsyong ito sa ibang araw, upang simulan ng inyong anak ang mga serbisyo sa edukasyon sa murang gulang bago ang simula ng taon ng pasukan.

Bilang magulang/tagapangalaga ng isang mag-aaral o nasa hustong gulang na mag-aaral na may kapansanan na tumatanggap o maaaring maging karapat-dapat na tumanggap ng espesyal na edukasyon at kaugnay na serbisyo, kayo ay mayroong mga karapatan na pinangangalagaan ng batas ng estado at pederal. Ang Bahagi B ng Batas sa Edukasyon ng mga Indibidwal na may Kapansanan (IDEA, para sa akronim nito sa Ingles), ang pederal na batas tungkol sa edukasyon ng mga mag-aaral na may mga kapansanan, ay nag-aatas sa mga paaralan na magbigay sa mga magulang ng isang batang may kapansanan ng isang abiso na ganap na nagpapaliwanag sa mga pananggalang sa pamamaraan na makukuha sa ilalim ng IDEA at mga regulasyon ng Kagawaran ng Edukasyon ng U.S. Kasama sa dokumentong ito ang inyong mga karapatan. Ang buong paliwanag ng mga karapatang ito ay makukuha mula sa distrito ng paaralan ng inyong anak. Mangyaring suriing mabuti ang dokumentong ito at makipag-ugnayan sa distrito kung kayo ay mayroong mga katanungan o nangangailangan ng karagdagang paglilinaw tungkol sa mga serbisyo ng inyong anak o sa mga pananggalang sa pamamaraan na magagamit ninyo.

Ang abiso ng inyong mga pananggalang sa pamamaraan ay dapat na maibigay sa inyo nang isang beses lamang bawat taon. Gayunpaman, dapat ding maibigay ang isang kopya kapag may paunang kahilingan para sa isang ebalwasyon, kapag natanggap ang unang nakasulat na reklamo o unang due process na reklamo sa Lupon ng Edukasyon ng Estado ng Illinois (ISBE, para sa akronim nito sa Ingles), kapag may nangyaring disiplinaryong pagtanggag na nagdudulot ng pagbabago sa pagkakalagay [*placement*], o kapag hiniling.

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa inyong mga karapatan ay makikita sa website ng ISBE sa dokumentong pinamagatang [Gabay para sa Magulang](#).

PAUNANG NAKASULAT NA ABISO

Pangkalahatang Impormasyon

Ang lokal na distrito ay kinakailangang magbigay sa inyo ng paunang nakasulat na abiso (ilang impormasyon sa pasulat na paraan):

- Kapag nagmungkahi ang distrito na simulan o baguhin ang pagtukoy, ebalwasyon, edukasyonal na placement, o ang pagkakaloob ng libre at naaangkop na pampublikong edukasyon (FAPE, para sa akronim nito sa Ingles) sa inyong anak; o

- Kapag tumanggi ang distrito na simulan o baguhin ang pagtukoy, ebalwasyon, placement sa edukasyon, o ang pagkakaloob ng FAPE sa inyong anak; o
- Isang taon bago maabot ng inyong anak ang hustong gulang (18 taong gulang). Naililipat ang lahat ng karapatang pang-edukasyon mula sa (mga) magulang/(mga) tagapangalaga tungo sa mag-aaral maliban kung hindi tinukoy.

Ang nakasulat na abiso ay dapat ibigay nang hindi bababa sa 10 araw bago ang iminungkahi o tinanggihang aksyon at dapat kasama ang:

- 1) Paglalarawan ng aksyon na iminungkahi o tinanggihan ng ahensiya;
- 2) Paliwanag kung bakit nagmumungkahi o tumatanggi ang ahensiya na gawin ang aksyon;
- 3) Paglalarawan ng bawat pamamaraan ng ebalwasyon, pagtatasa, rekord, o ulat na ginamit ng ahensiya bilang batayan para sa iminungkahi o tinanggihang aksyon;
- 4) Pahayag na ang mga magulang ng isang bata na may kapansanan ay protektado sa ilalim ng mga pananggalang sa pamamaraan at, kung ang abisong ito ay hindi isang paunang referral para sa ebalwasyon, ang paraan kung saan maaaring makuha ang isang kopya ng isang paglalarawan ng mga pananggalang sa pamamaraan;
- 5) Mga sanggunian na makokontak ng mga magulang upang makakuha ng tulong sa pag-unawa sa mga probisyon ng bahaging ito;
- 6) Paglalarawan ng iba pang mga opsyon na isinaalang-alang ng pangkat ng IEP at ang mga dahilan kung bakit tinanggihan ang mga opsyong iyon; at
- 7) Paglalarawan ng iba pang mga salik na nauugnay sa panukala o pagtanggap ng ahensiya.

Maaaring gamitin ng isang pampublikong ahensiya ang IEP bilang bahagi ng paunang nakasulat na abiso hangga't ang (mga) dokumentong natatanggap ninyo ay nakakatugon sa lahat ng mga kahingian na nakalista dati.

Kung ang pangkat ng IEP ay nagpasiya sa isang pagpupulong upang mapabuti o baguhin ang IEP ng inyong anak na ang isang partikular na serbisyo ay kinakailangan upang ang inyong anak ay makatanggap ng FAPE -- at ang serbisyong iyon ay hindi ipinatupad sa loob ng 10 araw ng pasukan pagkatapos ng pagsisimula dapat ng serbisyo gaya ng itinakda ng IEP ng inyong anak -- ang lokal na distrito ng paaralan ay magbibigay sa inyo ng nakasulat na abiso na ang serbisyo ay hindi pa naipapatupad. Ang abiso ay dapat maibigay sa inyo sa loob ng tatlong araw ng pasukan ng hindi pagsunod ng lokal na distrito ng paaralan sa IEP ng inyong anak at dapat na ipaalam sa inyo ang tungkol sa mga pamamaraan ng distrito ng paaralan para sa paghiling ng mga serbisyong pangkompensasyon. Para sa layunin ng seksyong ito, hindi kasama sa "mga araw ng pasukan" ang mga araw kung kailan ang bata ay lumiban sa paaralan sa mga kadahilanang walang kaugnayan sa kakulangan ng mga serbisyo ng IEP o kapag ang serbisyo ay magagamit, ngunit hindi makakadalo ang bata.

Kahit kailan ay maaari kayong humiling ng pagpupulong ng IEP na gaganapin sa oras na kumbinyente para sa inyo at sa paaralan. Sa loob ng 10 araw pagkatapos matanggap ang isang kahilingan, ang distrito ay maaaring sumang-ayon at kayo ay aabisuhan alinsunod sa mga regulasyon ng IDEA o maaaring padalhan kayo ng liham ng pagtanggap nito, kabilang ang paliwanag sa dahilan kung bakit hindi kinakailangan ng isang pagpupulong upang matiyak ang pagkakaloob ng FAPE sa inyong anak.

Abiso na nasa Nauunawaang Wika

Ang abiso ay dapat na nakasulat sa wika na nauunawaan ng pangkalahatang publiko at nakalagay sa katutubong wika o iba pang paraan ng komunikasyon na inyong ginagamit, maliban kung malinaw na hindi ito maaaring magawa. Kung ang inyong katutubong wika o iba pang paraan ng komunikasyon ay hindi pasulat na wika, ang lokal na distrito ay gagawa ng mga hakbang upang matiyak na: (a) ang abiso ay isinalin para sa inyo nang pasalita o sa pamamagitan ng iba pang mga paraan sa inyong katutubong wika o iba pang paraan ng komunikasyon, (b) na nauunawaan ninyo ang nilalaman ng abiso, at (c) mayroong nakasulat na katibayan na ang mga kahingian na ito ay natugunan.

Elektronikong Liham

Maaari ninyong piliin na tanggapin ang sumusunod sa pamamagitan ng email kung ang inyong distrito ng paaralan ay nag-aalok ng ganitong opsyon:

- Paunang nakasulat na abiso;
- Abiso ukol sa mga pananggalang sa pamamaraan; at
- Mga abiso kaugnay sa reklamo sa due process.

PAHINTULOT NG MAGULANG

Pangkalahatang-Ideya

Isinasaad ng inyong may-kabatirang pahintulot na kayo ay binigyan ng lahat ng kaugnay na impormasyon gamit ang inyong katutubong wika o iba pang paraan ng komunikasyon. Ipinapahiwatig din nito na nauunawaan ninyo at kayo ay sumasang-ayon sa pasulat na paraan sa aktibidad. Dapat makuha ng lokal na distrito ang inyong nakasulat na may-kabatirang pahintulot (gamit ang mga form na may mandato ng estado) sa mga sumusunod na pagkakataon:

- Paunang Ebalwasyon - Pagsasagawa ng paunang ebalwasyon para matukoy ang pagiging karapat-dapat sa mga serbisyo ng espesyal na edukasyon,
- Mga Paunang Serbisyo/Pagkakalagay - Paunang pagbibigay ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa inyong anak, o
- Muling Ebalwasyon - Muling ebalwasyon sa inyong anak.

Ang inyong pahintulot ay hindi kinakailangan bago suriin ng inyong distrito ng paaralan ang umiiral na datos bilang bahagi ng isang ebalwasyon o muling ebalwasyon o bago magsagawa ng pagsusulit ang inyong distrito ng paaralan o iba pang ebalwasyong ibinibigay sa lahat ng bata, maliban kung kailangan ng pahintulot mula sa mga magulang ng lahat ng mga bata bago ang pagsusulit o ebalwasyon na iyon.

Ang pahintulot ay boluntaryo sa inyong bahagi at maaari ninyong bawiin ang inyong pahintulot anumang oras. Hindi mapapawalang-saysay (mapawalang-bisa) ng pagbawi ninyo ng pahintulot ang isang aksyon na naganap pagkatapos ninyong ibigay ang inyong pahintulot at bago ninyo ito bawiin. Para sa karagdagang impormasyon sa pagbawi ng pahintulot, mangyaring sumangguni sa seksyon ng “Pagbawi ng Pahintulot” sa pahina 4 ng dokumentong ito.

Espesyal na mga Tuntunin para sa Paunang Ebalwasyon para sa mga Ward of the State o Youth in Care

Sa Illinois, ang “Ward of the State” ay maaaring tukuyin bilang “Youth in Care”

Ang *Ward of the State*, alinsunod sa gamit nito sa IDEA, ay nangangahulugang isang bata na:

- 1) Foster child, maliban kung ang foster parent ng bata ay binigyan ng karapatan na gumawa ng mga desisyong pang-edukasyon sa ngalan ng bata ng isang hukom na nangangasiwa sa kaso ng bata o ng isang pampublikong ahensiya na may responsibilidad sa pangkalahatang pangangalaga ng bata;
- 2) Itinuturing na ward of the state sa ilalim ng batas ng estado;
- 3) Itinuturing na ward of the court sa ilalim ng batas ng estado; o
- 4) Nasa kustodiya ng isang pampublikong ahensiya para sa kapakanan ng bata.

Para sa mga paunang ebalwasyon lamang, kung ang bata ay isang ward of the state at hindi nakatira sa kanyang magulang, hindi kinakailangan ng pampublikong ahensiya na kumuha ng may-kabatirang pahintulot mula sa magulang para sa isang paunang ebalwasyon upang matukoy kung ang bata ay isang batang may kapansanan kung –

- 1) Sa kabila ng makatuwirang pagsisikap na gawin ito, hindi mahanap ng distrito ng paaralan ang magulang ng bata;
- 2) Winakasan ang mga karapatan ng mga magulang alinsunod sa batas ng estado; o

- 3) Ang isang hukom o isang pampublikong ahensiya na may responsibilidad sa pangkalahatang pangangalaga ng bata ay nagbigay ng karapatan sa isang indibidwal maliban sa magulang na gumawa ng mga desisyong pang-edukasyon at magpahintulot para sa isang paunang ebalwasyon.

KAWALAN NG PAHINTULOT NG MAGULANG

May ilang partikular na kondisyon kung kayo ay tumangging magbigay ng pahintulot para sa sumusunod:

- **Paunang Ebalwasyon** - Kung hindi kayo magbibigay ng pahintulot para sa isang paunang ebalwasyon o hindi kayo tumugon sa isang kahilingan na magbigay ng pahintulot, ang distrito ay maaaring, ngunit hindi kinakailangang, ituloy ang paunang ebalwasyon na isasagawa gamit ang mediation at/o pagdinig sa due process.

Kung isasagawa ang pagdinig sa due process, maaaring ipag-uutos ng isang opisyal ng pagdinig sa distrito ng paaralan na magpatuloy sa pagsasagawa ng paunang ebalwasyon nang wala ang inyong pahintulot. Saklaw ito ng inyong karapatan na iapela ang desisyon at hayaang manatili ang inyong anak sa kasalukuyan niyang edukasyonal na placement habang nakabinbin ang resulta ng anumang administratibo o hudisyal na paglilitis.

- **Mga Paunang Serbisyo/Placement** – Kung kayo ay tumangging magbigay ng pahintulot para sa paunang pagkakaloob ng espesyal na edukasyon at/o mga kaugnay na serbisyo, hindi ibibigay ng distrito ang mga serbisyong ito. Bukod diyan, maaaring hindi ituloy ng distrito ang mediation o due process na mga pamamaraan para makakuha ng desisyon na maaaring ibigay ang mga serbisyo.

Sakaling kayo ay tumangging pahintulutan ang paunang pagkakaloob ng espesyal na edukasyon at/o mga kaugnay na serbisyo, ang distrito ay hindi maituturing na lumalabag sa pangangailangan nitong magkaloob ng FAPE sa inyong anak. Hindi rin kailangan ng distrito na magpatawag ng pagpupulong para bumuo ng IEP para sa inyong anak.

Muling Ebalwasyon – Kung kayo ay tumangging magbigay ng pahintulot para sa muling ebalwasyon, ang distrito ng paaralan ay maaaring, ngunit hindi kinakailangang, ituloy ang mga override na pamamaraan sa pamamagitan ng mediation o pagdinig sa due process. Gayunpaman, maaaring ituloy ng distrito ng paaralan ang muling ebalwasyon kung gumawa ito ng mga makatuwirang pagsisikap na makuha ang inyong pahintulot at kayo ay nabigong tumugon. Kung pipiliin ng distrito ng paaralan na huwag ituloy ang mga naturang pamamaraan, ang distrito ng paaralan ay hindi lumalabag sa pagbibigay ng FAPE sa inyong anak.

PAGBAWI NG PAHINTULOT

Kung ang inyong anak ay kasalukuyang tumatanggap ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na mga serbisyo, kayo ay may karapatan na iurong (bawiin) ang inyong pahintulot para sa mga naturang serbisyo anumang oras. Maaari ninyong bawiin ang pahintulot nang pasalita o sa pasulat na paraan. Kung binawi ninyo ang inyong pahintulot nang pasalita, dapat kayong bigyan ng distrito ng nakasulat na kumpirmasyon sa loob ng limang araw ng inyong pasalitang pagbawi. Kapag binawi ninyo ang inyong pahintulot, pasalita man o sa pasulat na paraan, dapat kayong bigyan ng distrito ng paunang nakasulat na abiso upang kilalanin ang inyong pagbawi at ang petsa kung kailan hihinto ang lahat ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo.

Kapag binawi ninyo ang pahintulot, ang inyong distrito ng paaralan ay:

- 1) Maaaring hindi ituloy ang pagbibigay ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa inyong anak;
- 2) Dapat magbigay sa inyo ng napapanahong paunang nakasulat na abiso, na naaayon sa mga regulasyon ng IDEA, ng panukala nitong ihinto ang espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo batay sa pagtanggap ng inyong nakasulat na pagbawi ng pahintulot;

- 3) Maaaring hindi gumamit ng mga due process na pamamaraan (ibig sabihin, mediation, pagpupulong para sa resolusyon, o walang kinikilingang due process na pagdinig) para makakuha ng kasunduan o desisyon na maaaring ibigay ang mga serbisyo sa inyong anak;
- 4) Hindi lumalabag sa pangangailangan nitong magkaloob ng FAPE sa inyong anak para sa kabiguan nitong magbigay ng karagdagang espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa inyong anak;
- 5) Hindi kinakailangang magkaroon ng pagpupulong para sa IEP o bumuo ng IEP para sa inyong anak para sa karagdagang pagkaloob ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo; at
- 6) Hindi kinakailangang amyendahan ang mga rekord ng edukasyon ng inyong anak para alisin ang anumang pagtukoy sa pagtanggap ng inyong anak ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo dahil sa pagbawi ng pahintulot.

Sa sandaling tumigil ang mga serbisyo, ang inyong anak ay ituturing na mag-aaral ng pangkalahatang edukasyon. Mawawala rin ang lahat ng dating karapatan at responsibilidad ng inyong anak (tulad ng inilarawan sa dokumentong ito), kabilang ang mga proteksyon sa pagdidisiplina sa espesyal na edukasyon.

TANDAAN: Ang epekto ng inyong pagbawi ay magresulta sa ganap na pagwawakas ng lahat ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa inyong anak. Gayunpaman, kung kayo ay hindi sumasang-ayon sa uri o dami ng mga serbisyong natatanggap ng inyong anak, ngunit naniniwala na ang inyong anak ay dapat na patuloy na makatanggap ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo, pakisuri ang mga seksyon ng “Resolusyon sa Reklamo,” “Mediation,” at “Due Process na Pagdinig” para malaman ang inyong mga karapatan sa kaso ng di-pagkakasundo sa mga serbisyo.

PAKIKILAHOK NG MAGULANG SA MGA PAGPUPULONG

Kayo ay dapat na mabigyan ng pagkakataon na lumahok sa mga pagpupulong tungkol sa pagtukoy, ebalwasyon, kwalipikasyon, muling ebalwasyon, at edukasyonal na placement ng inyong anak. Dapat kayong bigyan ng distrito ng paaralan ng 10 araw na nakasulat na abiso tungkol sa pagpupulong. Dapat na ipaalam sa inyo ng abiso ang layunin, dapat itong ganapin sa napagkasunduang lugar at oras, at ipaalam sa inyo kung sino-sino ang dadalo. Dapat ding kasama sa abiso sa pagpupulong para sa IEP ang pahayag na kayo ay may karapatan na mag-imbita ng mga indibidwal na may espesyal na kaalaman o kadalubhasaan tungkol sa inyong anak na dumalo sa pagpupulong para sa IEP. Kayo ay may karapatan na humiling sa distrito ng paaralan na magbigay ng interpreter para sa pagpupulong. May karapatan kayong hilingin na walang ibang tungkulin ang interpreter sa pagpupulong ng IEP kundi bilang isang interpreter, at ang distrito ng paaralan ay dapat gumawa ng mga makatuwirang pagsisikap upang matupad ang kahilingang ito. Kung kayo ay naniniwala na hindi makatuwirang tinanggihan ng distrito ng paaralan ang inyong kahilingan para sa isang interpreter na walang ibang tungkulin sa pagpupulong ng IEP, nasa inyo ang lahat ng karapatan sa ilalim ng IDEA at Artikulo 14 ng School Code. Kabilang sa mga karapatang ito ang due process na pagdinig, reklamo sa Estado, mediation, pagsusubaybay ng ISBE, at pagsasampa ng reklamo sa Tanggapan ng Karapatang Sibil.

Kayo ay may karapatan sa mga nakasulat na pagsasalin ng mahahalagang dokumento ng proseso ng IEP. Kinakailangan ng distrito ng paaralan na abisuhan kayo sa pamamagitan ng form ng *Abiso ng Kumperensiya para sa Magulang/Tagapangalaga* (ISBE form 34-57D) tungkol sa kung paano humiling ng mga nakasalin na dokumento at kung sino ang kakausapin para sa anumang mga katanungan o reklamo tungkol sa mga pagsasalin.

Bilang magulang, kayo ay mahalagang miyembro ng pangkat ng IEP ng inyong anak at hinihikayat na lumahok sa mga pagpupulong kung saan ginagawa ang mga desisyon tungkol sa edukasyonal na placement ng inyong anak. Gayunpaman, kung hindi kayo makakadalo sa pagpupulong, dapat gumamit ang distrito ng paaralan ng ibang mga paraan upang matiyak ang inyong pakikilahok, kabilang ang mga indibidwal o kumperensiyang tawag sa telepono. Maaaring magdesisyon ang pangkat ng IEP tungkol sa mga serbisyo at placement ng inyong anak kahit na hindi kayo dumalo sa pagpupulong, ngunit dapat itala ng distrito ang mga pagsusumikap nito na magkaroon ng isang napagkasunduan na oras at lugar ng pagpupulong na may kasamang ebidensiya, gaya ng mga detalyadong tawag o tangkang pagtawag sa telepono at ang mga resulta

ng mga tawag na iyon, mga kopya ng sulat na ipinadala sa inyo at anumang mga tugon na natanggap, o mga detalyadong rekord ng mga pagbisita sa inyong tahanan o lugar ng trabaho at ang mga resulta ng mga pagbisitang iyon.

Dapat tukuyin sa abiso para sa isang bata na nagsisimula sa edad na 14½ (o mas bata kung matukoy na naaangkop ayon sa pangkat ng IEP) na layunin ng pagpupulong na bumuo ng isang pahayag ng mga pangangailangan ng inyong anak sa serbisyo ng transisyon at iimbitahan ng distrito ng paaralan ang inyong anak sa pagpupulong at tutukuyin ang anumang iba pang ahensiya na iimbitahan na magpadala ng kinatawan sa pagpupulong. Dapat gumawa ang distrito ng anumang kinakailangang aksyon upang matiyak na naiintindihan ninyo at ng inyong anak ang mga pagdinig sa isang pagpupulong, na maaaring kabilang ang pagkuha ng interpreter kung kayo o ang inyong anak ay bingi o ang inyong katutubong wika ay hindi Ingles.

Ang pangkat ng IEP ay dapat magpulong ng hindi bababa sa isang beses sa isang taon at dapat magpatupad ng IEP para sa inyong anak sa simula ng bawat taon ng pasukan. Pagkatapos ng taunang pagpupulong, kayo at ang paaralan ay maaaring magkasundo na huwag magpatawag ng pagpupulong ng IEP para sa layunin ng pag-amyenda ng IEP ng inyong anak. Sa halip, ang IEP ay maaaring amyendahan o baguhin sa pamamagitan ng isang nakasulat na dokumento. Dapat ipaalam sa mga miyembro ng pangkat ng IEP ang mga pagbabago.

Hindi lalampas sa tatlong araw ng pasukan bago ang isang pagpupulong upang matukoy ang kwalipikasyon ng inyong anak para sa espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo o isang pagpupulong upang suriin ang IEP ng inyong anak (o sa lalong madaling panahon kung nakaiskedyul ang pagpupulong ng IEP sa loob ng tatlong araw ng pasukan na may nakasulat na pahintulot ninyo), dapat kayong bigyan ng lokal na distrito ng paaralan ng mga kopya ng lahat ng nakasulat na materyal na isasaalang-alang ng pangkat ng IEP sa pagpupulong upang kayo ay makalahok dito bilang ganap na may kaalamang miyembro ng pangkat. Kayo ay may opsyon na pumili ng paraan ng paghahatid, na dapat kabilang ang regular na koreo at pagkuha ng mga materyales sa paaralan.

Dapat ipaalam sa inyo ang karapatan ninyong suriin at kopyahin ang mga rekord ng inyong anak bilang mag-aaral sa paaralan bago ang anumang kwalipikasyon sa espesyal na edukasyon o pagpupulong sa pagsusuri ng IEP, alinsunod sa mga kahingian ng naaangkop na batas ng pederal at estado.

MGA PAMAMARAAN NG EBALWASYON

Ang inyong distrito ng paaralan ay dapat gumamit ng iba't ibang kasangkapan at estratehiya sa pagsusuri kapag nagsasagawa ng ebalwasyon sa inyong anak. Dapat tasahin ng ebalwasyon ang inyong anak sa lahat ng bagay na may kaugnayan sa pinaghihinalaang kapansanan. Dapat gumamit ang distrito ng paaralan ng teknikal na mahusay na mga instrumento at pamamaraan na hindi nagsasantabi sa inyong anak dahil sa lahi, kultura, wika, o kapansanan. Ang mga materyales at pamamaraan ay dapat ibigay at isagawa sa wika at anyo na mas tiyak na magbibigay ng wastong impormasyon sa kung ano ang alam at kayang gawin ng inyong anak.

Paunang Ebalwasyon

Maaaring kayo o ang distrito ng paaralan ang magpasimula ng isang kahilingan para sa isang paunang ebalwasyon ng inyong anak. Sa loob ng 14 na araw ng pasukan pagkatapos matanggap ang kahilingan sa ebalwasyon, dapat magpasiya ang distrito kung ang ebalwasyon ay kinakailangan. Kung nagpasiya ang distrito na hindi magsagawa ng ebalwasyon, dapat itong magbigay ng nakasulat na abiso sa inyo.

Kung nagpasiya ang distrito na magsagawa ng ebalwasyon:

- A) Ang distrito ay magpapatawag ng isang pangkat ng mga indibidwal (kabilang kayo) na may kaalaman at kasanayan na kinakailangan upang pangasiwaan at bigyang-kahulugan ang datos ng ebalwasyon. Mag-iiba ang komposisyon ng pangkat depende sa likas na katangian ng mga sintomas ng bata at iba pang nauugnay na mga kadahilanan.

- B) Dapat tukuyin ng pangkat ang mga pagtatasa na kinakailangan upang makumpleto ang ebalwasyon at dapat maghanda ng nakasulat na abiso para sa inyo. Ilalarawan ng abiso ang mga kinakailangang pagtatasa para sa bawat domain o ipapaliwanag kung bakit hindi na ito kailangan.
- C) Titiyakin ng distrito na makakarating sa inyo ang abiso tungkol sa mga konklusyon ng pangkat sa loob ng 14 na araw ng pasukan, kasama ang kahilingan ng distrito para sa pahintulot ng mga magulang na isagawa ang mga kinakailangang pagtatasa.

Kung napagpasiyahan na kailangan ang ebalwasyon, dapat kumpletuhin ng distrito ang ebalwasyon nang hindi lalampas sa 60 araw ng pasukan kasunod ng petsa na pinirmahan ninyo ang nakasulat na pahintulot upang maisagawa ang mga kinakailangang pagtatasa. Kung wala pang 60 araw ng pasukan ang natitira sa taon ng pasukan pagkatapos ng petsa na kayo ay nagbigay ng pahintulot, gagawin ang pagpapasiya ng kwalipikasyon, at ang pagpupulong ng IEP ay dapat kumpletuhin bago ang unang araw ng susunod na taon ng pasukan.

Ang ebalwasyon ay dapat isagawa ng isang pangkat ng mga kwalipikadong indibidwal at isama ang inyong input. Ang inyong anak ay hindi maituturing na batang may kapansanan kung matutukoy na maging determinant factor ang kakulangan ng naaangkop na pagtuturo sa pagbasa, matematika, o limitadong kasanayan sa Ingles.

Kung nabigo ang distrito na magsagawa ng ebalwasyon, maaari ninyong iapela ang kabiguan na ito sa walang kinikilingang due process na pagdinig, humiling ng konsiderasyon sa kabiguan na ito gamit ang mga pamamaraan ng estado sa reklamo, o humiling ng mediation.

Muling Ebalwasyon

Dapat magsagawa ang paaralan ng muling ebalwasyon ng inyong anak nang hindi bababa sa isang beses bawat tatlong taon pagkatapos ng paunang ebalwasyon, maliban kung kayo at ang paaralan ay sumang-ayon na ang muling ebalwasyon ay hindi kailangan.

Independiyenteng Ebalwasyon na Pang-edukasyon

Pangkalahatan

Kayo ay mabibigyan ng kopya ng form ng *Abiso ng mga Rekomendasyon ng Kumperensiya para sa Magulang/Tagapangalaga* sa pagtatapos ng isang pagpupulong ng IEP. Tinutukoy nito ang mga opsyon na ikinonsidera ng pangkat at ipinapaalam sa inyo ang inyong karapatan na makakuha ng independiyenteng ebalwasyon na pang-edukasyon (IEE, para sa akronim nito sa Ingles) kung kayo ay hindi sumasang-ayon sa mga natuklasan.

Mga Depinisyon

- Ang *independiyenteng ebalwasyon na pang-edukasyon* ay nangangahulugang isang ebalwasyon na isinasagawa ng isang kwalipikadong tao na pinili ninyo at hindi nagtatrabaho sa inyong distrito ng paaralan.
- Ang *ginastusan ng publiko* ay nangangahulugan na ang distrito ang nagbabayad para sa buong halaga ng ebalwasyon o tinitiyak nito na ipinagkakaloob sa inyo ang ebalwasyon nang walang bayad.

Karapatan ng Magulang sa Ebalwasyon na Ginastusan ng Publiko

Kayo ay may karapatan na makakuha ng IEE na gagastusan ng publiko kung hindi kayo sumasang-ayon sa mga natuklasan sa ebalwasyon na isinagawa o nakuha ng distrito ng paaralan. Dapat kayong magsagawa ng kahilingan sa pasulat na paraan at isumite ang kahilingan sa lokal na superintendente ng distrito ng paaralan.

Sa sandaling matanggap ang kahilingan, ang distrito ay dapat na:

- Sumang-ayon sa kahilingan at magbigay ng IEE na gagastusan ng publiko, o

- Magpasimula ng walang kinikilingang due process na pagdinig sa loob ng limang araw ng nakasulat na kahilingan upang ipakita na ang ebalwasyon ng distrito ay angkop.

Maaaring tanungin kayo ng distrito ng paaralan kung bakit kayo tumututol sa ebalwasyon nito, ngunit hindi nito magagawang di-makatuwirang ipagpaliban o tanggihan ang ebalwasyon sa pamamagitan ng pag-aatas sa inyo na ipaliwanag ang hindi ninyo pagsang-ayon.

Kung ang distrito ay sumang-ayon na bayaran ang IEE, dapat itong magbigay ng impormasyon sa inyo sa inyong kahilingan tungkol sa kung saan maaaring makakuha ng independiyenteng ebalwasyon na pang-edukasyon. Kapag ginastusan ng publiko ang isang IEE, ang pamantayan kung saan nakuha ang ebalwasyon, kabilang ang lokasyon ng ebalwasyon at ang mga kwalipikasyon ng tagasuri, ay dapat na kapareho ng pamantayan na ginagamit ng distrito kapag nagsasagawa ito ng ebalwasyon.

Kung ang distrito ay nagsagawa ng due process na pagdinig at ang opisyal ng pagdinig ay nag-utos ng isang ebalwasyon, ang gastos sa ebalwasyon ay dapat na sagutin ng publiko. Kung ang pinal na desisyon ng opisyal ng pagdinig ay angkop ang ebalwasyon ng distrito, kayo ay mayroon pa ring karapatan sa IEE, ngunit sa inyong sariling gastos.

Kung kukuha kayo ng IEE na gagastusan ng publiko o ibabahagi sa distrito ang ebalwasyong nakuha sa pribadong gastos, dapat isaalang-alang ng pampublikong ahensiya ang mga resulta ng ebalwasyon, kung nakakatugon ito sa mga pamantayan ng ahensiya, sa anumang desisyon patungkol sa pagkakaloob ng FAPE sa inyong anak.

Maaari ninyo ring ipakita ang IEE bilang ebidensiya sa isang due process na pagdinig.

Sa loob ng 10 araw pagkatanggap ng ulat ng isinagawang IEE na ginastusan ng publiko o pribado, ang distrito ay magbibigay ng nakasulat na abiso na nagsasaad ng petsa kung kailan magpupulong ang pangkat ng IEP para ikonsidera ang mga resulta.

MGA KINAKAILANGAN PARA SA UNILATERAL NA PAGLALAGAY NG MGA MAGULANG NG MGA BATA SA MGA PRIBADONG PAARALAN

Inilalarawan ng bahaging ito ang mga karapatan ng inyong anak kapag boluntaryo ninyo siyang ipinasok sa isang pribadong (kabilang ang panrelihiyon) paaralan/pasilidad.

Pangkalahatang-Ideya

Ang lahat ng mga batang may kapansanan na naninirahan sa estado na nangangailangan ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo, kabilang ang mga batang pumapasok sa mga pribadong paaralan, ay dapat mahanap, matukoy, at masuri. Ang prosesong ito, na tinatawag na *Child Find*, ay responsibilidad ng distrito ng pampublikong paaralan kung saan matatagpuan ang pribadong paaralan o bahay-paaralan ng inyong anak. Kung ang inyong anak ay natukoy na karapat-dapat para sa mga serbisyo ng espesyal na edukasyon, kabilang sa *Child Find* ang karapatan sa muling ebalwasyon, na dapat isagawa isang beses bawat tatlong taon. Magagamit ang mga karapatang inilarawan sa dokumentong ito na may kaugnayan sa pagtukoy at ebalwasyon kahit na ipinasok ninyo ang inyong anak sa isang pribadong paaralan/pasilidad.

Gayunpaman, kapag pinili ninyong ipasok ang inyong anak na may kapansanan sa isang pribadong paaralan, ang inyong anak ay walang karapatan na tumanggap ng alinman sa espesyal na edukasyon o mga kaugnay na serbisyo na matatanggap sana niya kung siya ay nasa pampublikong paaralan. Maaaring may ilang magagamit na serbisyo sa espesyal na edukasyon ang inyong anak habang nasa pribadong paaralan, ngunit limitado ang uri at halaga sa kung paano magdesisyon ang pampublikong paaralan, kung saan matatagpuan ang pribadong paaralan ng inyong anak, na paglingkuran ang mga mag-aaral sa pribadong paaralan. Ginagawa ang desisyon ng paaralan pagkatapos kumonsulta sa mga kinatawan ng mga pribadong paaralan at isang kinatawang grupo ng mga magulang ng mga batang may kapansanan na nasa pribadong paaralan. Pinagpapasiyahan ng paaralan kung paano gamitin ang limitadong pederal na pondo na nakatalaga para sa

mga serbisyo ng pribadong paaralan. Kung ang pampublikong paaralan ay nagdesisyon na magbigay ng anumang uri ng serbisyo sa inyong anak, dapat na bumuo at ipatupad ang isang *plano ng mga serbisyo*.

Plano ng mga Serbisyo

Dapat kasama sa plano ng mga serbisyo ang “paano, saan, at para kanino” ibibigay ang espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa inyong anak. Ang isang plano ng mga serbisyo ay dapat na sumasalamin lamang sa mga serbisyong inaalok sa batang may kapansanan na ipinasok ng magulang sa pribadong paaralan na itinalagang tumanggap ng mga serbisyo, at dapat na, hanggang maaari, matugunan ang mga kahingian sa nilalaman ng IEP sa IDEA. Dahil ang mga mag-aaral na may kapansanan na karapat-dapat sa FAPE ay dapat makatanggap ng lahat ng serbisyo sa ilalim ng Bahagi B, ang kanilang mga IEP sa pangkalahatan ay magiging mas komprehensibo kaysa sa mas limitadong mga plano ng serbisyo na binuo at ipinatutupad para sa mga batang may kapansanan na ipinasok ng magulang sa pribadong paaralan na itinalagang tumanggap ng mga serbisyo mula sa Ahensiya ng Lokal na Edukasyon (LEA, para sa akronim nito sa Ingles). Titiyakin ng pangangailangan na ang isang plano ng mga serbisyo ay nakakatugon sa mga kahingian ng isang IEP, hanggang maaari, na ang mga serbisyong aktuwal na ibinibigay sa batang may kapansanan na ipinasok ng magulang sa pribadong paaralan ay makabuluhang tutugon sa mga indibidwal na pangangailangan ng bata.

Reimbursement para sa placement sa pribadong paaralan

Kung ipapa-enroll ninyo ang inyong anak sa isang pribadong paaralang elementarya o sekondarya dahil sa inyong paniniwala na hindi ibinibigay ng pampublikong paaralan ang FAPE, maaaring mangyari ang sumusunod:

- Maaaring hilingin ng isang hukuman o opisyal ng pagdinig sa distrito na ibalik sa inyo ang halaga ng pagpapa-enroll na iyon kung napag-alamang hindi nakapagbigay ng FAPE ang distrito sa itinakdang panahon bago ang pagpapa-enroll na iyon.

Maaaring bawasan o tanggihan ang halaga ng reimbursement na iginawad ng opisyal ng pagdinig:

- Kung, sa pinakahuling pagpupulong ng IEP na dinaluhan ninyo bago ang pagkatanggal ng inyong anak mula sa pampublikong paaralan, hindi ninyo ipinaalam sa pangkat ng IEP na tinatanggihan ninyo ang placement na iminungkahi ng distrito, kabilang ang pagsasabi ng inyong mga alalahanin at layunin na i-enroll ang inyong anak sa isang di-pampublikong paaralan o pasilidad;
- Kung sa 10 araw ng negosyo (kabilang ang anumang mga holiday na nagaganap sa araw ng negosyo) bago ang pagkatanggal ng mag-aaral mula sa pampublikong paaralan ay hindi kayo nagbigay ng abiso sa distrito ng impormasyong nabanggit sa itaas;
- Kung bago ninyo alisin ang inyong anak sa pampublikong paaralan, ipinaalam sa inyo ng distrito ng paaralan ang layunin nitong suriin ang inyong anak, ngunit hindi kayo gumawa ng paraan para sumailalim siya sa naturang ebalwasyon; o
- Lumalabas sa hudisyal na pagsusuri na hindi makatuwiran ang inyong mga aksyon.

Ang halaga ng reimbursement ay **hindi** maaaring bawasan o tanggihan dahil sa hindi pagbibigay ng naturang abiso kung:

- Ang magulang/tagapangalaga ay hindi marunong bumasa at sumulat sa Ingles;
- Ang pagsunod sa mga kinakailangan sa abiso ay maaaring magresulta sa pisikal o malubhang emosyonal na pinsala sa inyong anak;
- Pinigilan kayo ng paaralan na magbigay ng naturang abiso; o
- Hindi ipinaalam sa inyo ang pangangailangan ng abisong binanggit sa itaas.

DISIPLINA NG MGA MAG-AARAL NA MAY KAPANSANAN

Kung humahadlang ang pag-uugali ng inyong anak sa pag-aaral niya o ng iba, ang mga estratehiya na kinabibilangan ng mga positibong interbensyon sa pag-uugali at suporta ay dapat isaalang-alang sa pagbuo ng IEP ng inyong anak. Kung nilabag ng inyong anak ang code ng pag-uugali ng mag-aaral, maaaring tanggalin siya ng mga tauhan ng paaralan mula sa kasalukuyan niyang placement.

Kahulugan ng mga Suspensyon

Kapag hiniling sa inyo, bilang magulang, na pumunta sa paaralan at sunduin ang inyong anak dahil sa paglabag sa disiplina, ang pagtatanggal na ito ay maituturing na “suspensyon” sa ilalim ng mga regulasyon. ***Maaaring kabilang sa pagsususpende o pagpapatalsik ang pagsususpende o pagpapatalsik sa paaralan at lahat ng aktibidad ng paaralan at pagbabawal na makapunta sa bakuran ng paaralan.***

Mga Panandaliang Pagtanggap (Mababa sa 10 Araw ng Pasukan sa Loob ng Isang Taon ng Pasukan)

Kung lumabag ang inyong anak sa code ng pag-uugali ng mag-aaral, maaaring tanggalin siya ng mga tauhan ng paaralan mula sa kasalukuyang placement sa loob ng 10 araw o mas kaunti sa isang taon ng pasukan. Ang distrito ng paaralan ay hindi kinakailangang magbigay ng mga serbisyong pang-edukasyon sa panahon ng mga pagtatanggal na ito maliban kung ang mga serbisyo ay ibinibigay sa mga mag-aaral na walang kapansanan na nasa katulad na mga kalagayan.

Mga Pangmatagalang Pagtanggap (Kabuuang 10 Araw o Higit pa sa Isang Taon ng Pasukan)

Ang pagtanggap ng batang may kapansanan mula sa kasalukuyang edukasyonal na placement ng bata ay isang **pagbabago ng placement** kung:

- 1) Ang pagtatanggal ay higit sa 10 magkakasunod na araw ng pasukan; o
- 2) Ang bata ay sumailalim sa isang serye ng mga pagtatanggal na maituturing nang pattern dahil:
 - a) Ang serye ng mga pagtatanggal sa kabuuan ay higit sa 10 araw ng pasukan sa isang taon ng pasukan;
 - b) Ang pag-uugali ng bata ay halos kapareho ng pag-uugali niya sa mga nakaraang insidente na nagresulta sa serye ng mga pagtatanggal; at
 - c) Dahil sa mga karagdagang salik gaya ng tagal ng bawat pagtatanggal, ang kabuuang haba ng panahon na tinanggal ang bata, at ang lapit ng mga pagtatanggal sa isa't isa.

Tutukuyin ng distrito ng paaralan sa isang case-by-case na batayan kung ang isang pattern ng mga pagtatanggal ay maituturing na pagbabago ng placement at, kung tinutulan, ay sasailalim sa pagsusuri sa pamamagitan ng due process at mga hudisyal na paglilitis.

Kapag umabot ng higit sa 10 araw ng pasukan ang mga disiplinaryong pagtatanggal, dapat magpatuloy ang distrito ng paaralan sa pagbibigay ng mga serbisyong pang-edukasyon. Dapat tukuyin ng mga tauhan ng paaralan, sa pagsangguni sa kahit isa sa mga guro ng inyong anak, kung hanggang saan ang mga serbisyo ay kinakailangan upang bigyang-daan ang inyong anak na patuloy na makilahok sa kurikulum ng pangkalahatang edukasyon -- bagama't sa ibang setting -- at umunlad tungo sa pagtugon sa mga layunin na itinakda sa IEP sa panahon ng mga pagtatanggal.

Ang mga disiplinaryong pagtatanggal na lampas sa kabuuang 10 araw ng pasukan sa panahon ng taon ng pasukan ay maaaring ituring ng mga opisyal ng paaralan na pagbabago sa placement. Kung mangyari ito, dapat ipaalam sa inyo ng distrito ng paaralan ang desisyon nito at bigyan kayo ng kopya ng mga pananggalang sa pamamaraan sa parehong araw na ginawa ang desisyon ng pagtanggap. Dapat tukuyin ng mga tauhan ng paaralan, sa pagsangguni sa kahit isa sa mga guro ng inyong anak, kung hanggang saan ang mga serbisyo ay kinakailangan sa panahon ng pagtatanggal. Ang inyong anak ay makakatanggap, kung naaangkop, ng pagtatasa sa punsyonal na pag-uugali at mga serbisyo sa interbensyon sa pag-uugali at modipikasyon, na idinisenyo para tugunan ang paglabag sa pag-uugali para hindi na ito maulit. Bukod diyan, dapat magkaroon ng pagpupulong ng IEP sa lalong madaling panahon, ngunit hindi lalampas sa 10 araw ng pasukan pagkatapos magawa ang desisyon ng pagtanggap, para magsagawa ng pagrerepaso sa pagtukoy ng manipestasyon (MDR, para sa akronim nito sa Ingles).

Pagrerepaso sa Pagtukoy ng Manipestasyon

Kapag nagsasagawa ng MDR, dapat isaalang-alang ng pangkat ng IEP ang lahat ng nauugnay na impormasyon sa file ng inyong anak, kabilang ang kanyang IEP, mga obserbasyon ng kawani, at anumang nauugnay na impormasyong ibinigay ninyo. Tinutukoy ng pangkat ng IEP:

- Kung ang pag-uugali ay sanhi ng o may direkta at malaking kaugnayan sa kapansanan ng inyong anak, o
- Kung ang pag-uugali ay direktang resulta ng kabiguan ng distrito ng paaralan na ipatupad ang IEP ng inyong anak.

Kung matukoy ng pangkat na ang alinman sa mga pahayag sa itaas ay naaangkop, ang pag-uugali ng inyong anak ay dapat ituring na manipestasyon ng kanyang kapansanan.

Kinakailangan ng distrito na repasuhin ang plano ng interbensyon sa pag-uugali ng mag-aaral o, kung hindi pa nabubuo ang plano ng interbensyon sa pag-uugali, bumuo ng isa.

A. Manipestasyon ng Kapansanan

Kapag natukoy na ang pag-uugali ay manipestasyon ng kapansanan ng inyong anak, ang pangkat ng IEP ay dapat:

- Magsagawa ng pagtatasa sa punsyonal na pag-uugali at magpatupad ng Plano sa Interbensyon sa Pag-uugali (BIP, para sa akronim nito sa Ingles), sa kondisyong hindi pa isinasagawa ng distrito ng paaralan ang naturang pagtatasa bago ang pagtukoy ng pag-uugali na nagresulta sa pagbabago ng placement,
- Kung sakaling may BIP na, repasuhin ito at/o baguhin ang plano kung kinakailangan upang matugunan ang pag-uugali; at
- Ibalik ang inyong anak sa placement kung saan siya tinanggal, maliban kung kayo at ang distrito ng paaralan ay sumang-ayon sa pagbabago ng placement, maliban kung ang mag-aaral ay tinanggal na sa isang pansamantalang alternatibong setting ng edukasyon dahil sa droga, armas, at/o malalang pinsala sa katawan. (Tingnan ang susunod na pahina para sa karagdagang impormasyon sa pansamantalang alternatibong setting ng edukasyon [IAES, para sa akronim nito sa Ingles].)

B. Hindi Manipestasyon ng Kapansanan:

Kung natukoy na ang pag-uugali ng inyong anak ay walang kaugnayan sa kanyang kapansanan, ang mga kaukulang pamamaraan ng pagdidisiplina ay maaaring ipatupad sa parehong paraan para sa mga mag-aaral na walang mga kapansanan — **maliban** lamang sa bagay na ang mga mag-aaral na may kapansanan ay dapat patuloy na makatanggap ng FAPE kung siya ay tinanggal mahigit 10 araw ng pasukan sa taon ng pasukan na iyon.

Kung ang lokal na distrito ay nagpasimula ng mga kaukulang pamamaraan ng pagdidisiplina na naaangkop sa lahat ng mga mag-aaral, dapat tiyakin ng distrito na ang espesyal na edukasyon at mga rekord ng pagdidisiplina ng inyong anak ay ipinadala para sa konsiderasyon ng (mga) tao na gumagawa ng pinal na pagpapasiya tungkol sa aksyon.

Pinabilis na Due Process na Pagdinig

Kung kayo ay hindi sumasang-ayon sa anumang desisyon tungkol sa disciplinaryong placement o sa MDR, kayo ay may karapatan na humiling ng pinabilis na due process na pagdinig. Ang lokal na distrito o ISBE ay dapat magsaayos para sa isang pinabilis na pagdinig kapag gumawa kayo ng isang kahilingan sa pasulat na paraan.

Bukod pa rito, kung naniniwala ang distrito ng paaralan na may malaking posibilidad na magresulta sa pinsala sa inyong anak o sa iba ang pagpapanatili ng inyong anak sa kanyang kasalukuyang placement, maaaring humiling ang paaralan ng isang pinabilis na due process na pagdinig upang baguhin ang placement ng inyong

anak sa isang IAES. Maaaring ipag-utos ng opisyal ng pagdinig ang placement kahit na ang pag-uugali ng inyong anak ay isang manipestasyon ng kanyang kapansanan.

Dapat mangyari ang pinabilis na pagdinig sa loob ng 20 araw ng pasukan mula sa petsa na hiniling ang pagdinig at dapat magresulta sa isang pagpapasiya sa loob ng 10 araw ng pasukan pagkatapos ng pagdinig.

Pansamantalang Alternatibong Setting ng Edukasyon

Ang IAES ay ibang lokasyon kung saan ibinibigay ang mga serbisyong pang-edukasyon para sa isang tiyak na panahon para sa mga kadahilanang pandisiplina. Ang setting na ito ay tutukuyin ng pangkat ng IEP at dapat piliin upang ang inyong anak ay magpatuloy sa pag-unlad sa pangkalahatang kurikulum, bagama't sa ibang setting, at upang patuloy na makatanggap ng mga serbisyo at modipikasyong iyon kabilang ang mga inilarawan sa kasalukuyang IEP na makakatulong sa kanya na maabot ang mga layunin ng IEP. Dapat ding kabilang sa alternatibong setting ang mga serbisyo at akomodasyon para matugunan ang pag-uugali na nagresulta sa pagkatanggal.

Maaaring tanggalin ng mga tauhan ng paaralan ang inyong anak mula sa kanyang kasalukuyang edukasyonal na placement sa isang IAES nang wala ang inyong pahintulot kung siya ay:

- Nagdadala ng armas sa paaralan o sa isang aktibidad ng paaralan;
- Sadyang nagdadala o gumagamit ng mga ilegal na droga o nagbebenta o bumibili ng kontroladong substance habang nasa paaralan o sa isang aktibidad ng paaralan; at/o
- Nagdulot ng malubhang pinsala sa katawan sa ibang tao habang nasa paaralan o sa isang aktibidad ng paaralan.

Ang pagkatanggal sa isang IAES ay hindi dapat hihigit sa 45 araw ng pasukan nang walang pagsasaalang-alang kung ang pag-uugali ay natukoy na manipestasyon ng kanyang kapansanan.

Kung kayo ay hindi sumasang-ayon sa desisyon at humihiling ng pinabilis na due process na pagdinig para hamunin ang desisyon, ang inyong anak ay mananatili sa pansamantalang alternatibong setting ng edukasyon sa panahon ng pagkabinbin ng pagdinig maliban kung kayo at ang distrito ng paaralan ay magkasundo o hanggang matapos ang 45 araw ng pasukan. Ang distrito ng paaralan ay maaaring humingi ng kasunod na pinabilis na mga pagdinig at mga alternatibong placement kung pagkatapos ng unang 45 araw ng pasukan ay naniniwala ang distrito ng paaralan na mapanganib pa rin ang inyong anak.

Mga Proteksyon para sa mga Mag-aaral na Hindi pa Kwalipikado para sa Espesyal na Edukasyon at Kaugnay na mga Serbisyo

Kung ang inyong anak ay hindi pa nakitang kwalipikado para sa espesyal na edukasyon ngunit alam ng distrito na may kapansanan ang inyong anak bago naganap ang isang pag-uugali na nagdulot ng aksyong pandisiplina, maaari ninyong igiit ang parehong mga proteksyon sa disiplina na ibinibigay sa isang mag-aaral na may kapansanan.

Itinuturing na may kaalaman sa isang kapansanan ang distrito ng paaralan kung:

- Kayo ay nagpahayag ng mga alalahanin sa pasulat na paraan na ang inyong anak ay nangangailangan ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo;
- Ipinapakita ng pag-uugali o performans sa paaralan ng inyong anak ang pangangailangan sa espesyal na edukasyon;
- Kayo ay humiling ng ebalwasyon para matukoy kung kailangan ng inyong anak ng espesyal na edukasyon; o
- Humiling ang isa sa mga guro ng inyong anak o ibang kawani ng distrito ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon sa direktor ng espesyal na edukasyon o iba pang naaangkop na mga tauhan ng distrito.

Hindi itinuturing na may kaalaman sa isang kapansanan ang distrito ng paaralan kung:

- Hindi ninyo pinahintulutan ang ebalwasyon ng inyong anak;

- Tinanggihan ninyo ang mga serbisyo;
- Nagsagawa ng ebalwasyon, at natukoy na walang kapansanan ang inyong anak; o
- Natukoy na hindi kailangan ng ebalwasyon, at ipinaalam sa inyo sa pasulat na paraan ang pagpapasiya.

Kung, bago magsagawa ng aksyong pandisiplina sa isang mag-aaral, hindi alam ng lokal na distrito na may kapansanan ang mag-aaral, maaaring isailalim ang mag-aaral sa parehong mga pamamaraan ng pagdidisiplina gaya ng pagdidisiplina sa mga mag-aaral na walang kapansanan na may katulad na pag-uugali.

Dapat isagawa nang mabilis ang ebalwasyong hiniling sa panahong sumasailalim ang mag-aaral sa mga pamamaraan ng pagdidisiplina. Gayunpaman, dapat manatili ang mag-aaral sa edukasyonal na placement na tinukoy ng mga awtoridad ng paaralan habang nakabinbin ang mga resulta ng ebalwasyon. Kung natukoy na may kapansanan ang mag-aaral batay sa ebalwasyon, dapat magbigay ang lokal na distrito ng naaangkop na espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo.

Referral sa at Pagkilos ng Tagapagpatupad ng Batas at Mga Awtoridad ng Hudikatura

Ang mga lokal na distrito o iba pang ahensiya ay hindi pinagbabawalan na mag-ulat sa mga naaangkop na awtoridad ng krimen na ginawa ng isang mag-aaral na may kapansanan. Hindi rin pinagbabawalan ang mga tagapagpatupad ng batas ng estado at mga awtoridad ng hudikatura na gawin ang kanilang mga responsibilidad tungkol sa pagpapatupad ng batas ng pederal at estado sa mga krimen ng mag-aaral na may kapansanan.

Dapat tiyakin ng mga lokal na distrito o iba pang ahensiya na nag-uulat ng krimen na ginawa ng mag-aaral na may kapansanan na ang mga kopya ng espesyal na edukasyon at mga rekord ng pagdidisiplina ng mag-aaral ay ipinadala sa mga naaangkop na awtoridad para sa kanilang konsiderasyon.

RESOLUSYON NG REKLAMO

Ang mga alalahanin na may kinalaman sa anumang bagay na may kaugnayan sa pagtukoy, ebalwasyon, o edukasyonal na placement ng isang mag-aaral o ang pagkakaloob ng FAPE sa isang mag-aaral ay dapat idirekta sa lokal na distrito ng paaralan.

Maaari kayong magsampa sa ISBE ng napirmahan at nakasulat na reklamo, na nagsasaad na nilabag ang mga karapatan ng inyong anak o ng ilang batang may kapansanan. Ang sumusunod na impormasyon ay dapat isama sa isang pormal na reklamo:

- Isang pahayag na nagsasaad na ang isang responsableng pampublikong entidad ay nakagawa ng paglabag sa isang kahingian ng espesyal na edukasyon;
- Mga katotohanan kung saan nakabatay ang pahayag;
- Mga pangalan at tirahan ng mga kasangkot na mag-aaral at paaralang pinapasukan;
- Lagda at impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa nagreklamo;
- Paglalarawan ng kalikasan ng problema, kabilang ang mga katotohanang nauugnay sa problema; at
- Isang iminungkahing resolusyon sa problema, sa abot ng kaalaman.

Ang reklamo ay dapat magpahayag na ang paglabag ay naganap nang hindi hihigit sa isang taon bago ang petsa kung kailan natanggap ang reklamo. Sa loob ng 60 araw pagkatapos matanggap ang isang reklamo na nakakatugon sa mga kahingian na nakalista sa itaas, ang ISBE ay dapat na:

- Magsagawa ng independiyenteng on-site na pagsisiyasat, kung itinuring na kinakailangan ng ISBE. Bigyan kayo ng pagkakataong magsumite ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga paratang.
- Atasan na ang pampublikong entidad na tinukoy sa reklamo ay magsumite ng nakasulat na tugon sa reklamo. Dapat isumite ng pampublikong entidad ang tugon nito at lahat ng iba pang dokumentasyon, kabilang ang dokumentasyon ng pagsunod sa aksyong pagwawasto, sa ISBE at sa magulang,

indibidwal, o organisasyon na naghain ng reklamo nang hindi lalampas sa 45 araw mula sa petsa na natanggap ng aming ahensiya ang reklamo.

- Bigyan ang pampublikong entidad, sa panahon ng proseso ng reklamo, ng pagkakataon na mag-alok ng panukala para lutasin ang reklamo at/o mag-alok na isama kayo sa isang mediation o alternatibong paraan ng paglutas ng hindi pagkakaunawaan.
- Suriin ang lahat ng kaugnay na impormasyon at gumawa ng pagpapasiya kung nilabag ng pampublikong entidad ang isang kahingian ng espesyal na edukasyon.
- Maglabas ng nakasulat na desisyon na tumutugon sa bawat paratang at kasama ang mga natuklasang katotohanan at mga konklusyon, ang mga dahilan para sa mga desisyon ng ISBE, at mga utos para sa anumang mga aksyong pagwawasto.

Ang mga aksyon na ito ay isasagawa sa loob ng 60 araw, maliban kung ang limitasyon sa panahong iyon ay pinalawig sa ilalim ng mga natatanging pagkakataon o kung kayo at ang distrito ay nakikibahagi sa ibang paraan ng paglutas ng hindi pagkakaunawaan, tulad ng mediation.

Kung ang isang reklamo ay isinampa na kinasasangkutan ng isa o higit pang mga usapin na paksa din ng isang due process na pagdinig, ang mga bahaging iyon ng reklamo ay ipagpapaliban habang hinihintay na makumpleto ang pagdinig. Bilang karagdagan, kung ang usapin ay dati nang napagdesisyon sa isang due process na pagdinig na kinasasangkutan ng parehong mga partido, ang desisyon mula sa pagdinig ay may bisa at ang usaping iyon ay hindi iimbestigahan sa proseso ng reklamo.

Ang karagdagang impormasyon sa mga proseso ng paglutas ng hindi pagkakaunawaan at mga mapagkukunan ay matatagpuan sa ISBE sa sumusunod na link: <https://www.isbe.net/Pages/Special-Education-Effective-Dispute-Resolution.aspx>

MEDIATION

Ang serbisyo ng mediation sa Illinois ay idinisenyo para lutasin ang mga hindi pagkakasundo hinggil sa pagiging angkop ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa mga bata. Maaari kayong humiling ng mediation, may nakabinbing due process na pagdinig man o wala, ngunit ang mediation ay hindi maaaring gamitin upang maantala o tanggiin ang due process na pagdinig. Kayo at ang distrito ng paaralan ay dapat na *boluntaryong* sumang-ayon na lumahok sa proseso ng mediation. Ang serbisyong ito ay isinasagawa at pinangangasiwaan ng ISBE at ibinibigay nang walang bayad sa inyo o sa distrito ng paaralan.

Ang mediation ay isasagawa ng isang kwalipikado at walang kinikilingang tagapamagitan na may pagsasanay sa mga epektibong pamamaraan ng mediation at may kaalaman sa mga batas at regulasyon na may kaugnayan sa pagbibigay ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo. Ang tagapamagitan ay isang third party na walang kinikilingan at walang kapangyarihang pilitin na umaksyon ang alinmang partido.

Ang bilang ng mga kalahok ay karaniwang limitado sa tatlong tao bawat partido. Maaari kayong magsama ng abogado, tagapagtaguyod, interpreter, at iba pang nauugnay na partido. Ang lahat ng mga talakayang nagaganap sa panahon ng proseso ng mediation ay dapat maging kumpidensyal at hindi maaaring gamitin bilang ebidensiya sa *anumang kasunod na due process na pagdinig o sibil na paglilitis*.

Hindi kayo hihilingin na talikuran ang mga pangunahing paniniwala tungkol sa kakayahan ng inyong anak sa panahon ng mediation; sa halip ay hihilingin sa inyo na (a) ikonsidera ang mga alternatibo na maaaring isama sa programa ng inyong anak, (b) makinig sa mga alalahaning ipinahayag ng kabilang partido, at (c) maging makatotohanan tungkol sa mga kakayahan ng inyong anak at sa mga obligasyon at mapagkukunan ng lokal na distrito.

Kung malulutas ninyo ang isang hindi pagkakaunawaan sa pamamagitan ng proseso ng mediation, ang isang kasunduan ay isusulat at lalagdaan ninyo at ng isang kinatawan ng distrito ng paaralan na may awtoridad na sumailalim sa naturang kasunduan. Ang mga kasunduan sa mediation ay legal na may bisa at maipapatupad sa anumang hukuman ng estado na may karampatang hurisdiksyon o sa isang hukuman ng distrito ng Estados Unidos.

Ang isang kahilingan ng magulang para sa mediation na humahamon sa panukala ng distrito na baguhin ang edukasyonal na placement ng bata ay dapat gumamit ng probisyon na “stay-put”. Ang “stay-put” na placement ay ang huling napagkasunduan na placement sa pagitan ng mga partido. Kung sakaling tumanggi ang isang partido na gumamit ng mediation, ang magulang (o mag-aaral kung 18 taong gulang o mas matanda o pinalaya) ay magkakaroon ng 10 araw mula sa petsa ng pagtanggap na humiling ng isang due process na pagdinig upang maipagpatuloy ang “stay-put” na placement. Kung nabigo ang mediation na lutasin ang hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng mga partido, ang magulang (o mag-aaral kung 18 taong gulang o mas matanda o pinalaya) ay magkakaroon ng 10 araw pagkatapos ng mediation na maghain ng kahilingan para sa isang due process na pagdinig upang patuloy na gamitin ang probisyon ng “stay-put”.

Ang mga pagsisikap na mamagitan sa hindi pagkakasundo ay hindi tatanggapin bilang ebidensiya sa anumang kasunod na administratibo o sibil na paglilitis maliban sa layunin ng pagpuna sa mediation na nangyari at ang mga tuntunin ng anumang nakasulat na (mga) kasunduan na naabot bilang resulta ng mediation. Ang tagapamagitan ay hindi maaaring tawagin bilang testigo sa *anumang kasunod na administratibo o sibil na paglilitis*.

Kung nais ninyong humiling ng mga serbisyo ng mediation o matuto nang higit pa tungkol sa sistema ng mediation, maaari kayong makipag-ugnayan sa ISBE Special Education Department sa (217) 782-5589 o toll-free para sa mga magulang sa (866) 262-6663.

Ang karagdagang impormasyon sa mga proseso ng paglutas ng hindi pagkakaunawaan at mga mapagkukunan ay matatagpuan sa ISBE sa sumusunod na link: <https://www.isbe.net/Pages/Special-Education-Effective-Dispute-Resolution.aspx>

DUE PROCESS NA PAGDINIG

Paghiling ng isang Due Process na Pagdinig

Bilang karagdagan sa paggamit ng mediation at mga pamamaraan ng estado sa reklamo, kayo ay mayroon ding karapatan na humiling ng isang walang kinikilingan na due process na pagdinig. Ang due process na pagdinig ay isang legal na proseso kung saan ang isang opisyal ng pagdinig ay nangangalap ng ebidensiya at nakikinig sa testimonya mula sa inyo at sa distrito ng paaralan upang makagawa ng isang legal na may bisang desisyon. Maaari kayong magpasimula ng isang due process na pagdinig tungkol sa panukala o pagtanggap ng distrito na simulan o baguhin ang pagtukoy, ebalwasyon, o edukasyonal na placement ng isang mag-aaral o pagbibigay ng distrito ng FAPE. Dapat talakayin ng inyong kahilingan para sa isang due process na pagdinig ang mga bagay na naganap sa loob ng nakaraang dalawang taon o sa loob ng dalawang taon mula sa petsa na dapat ay makatuwirang alam ninyo ang tungkol sa mga aksyon ng distrito tungkol sa placement ng mga serbisyo ng inyong anak. Maaari kayong humiling na ang inyong distrito ng paaralan ay magbigay ng isang listahan ng libre o murang legal at iba pang nauugnay na mga serbisyo na magagamit sa lokal upang tulungan kayo sa pagpapasimula ng isang walang kinikilingan na due process na pagdinig.

Ang isang kahilingan para sa isang pagdinig ay dapat gawin sa pasulat na paraan sa superintendente ng distrito kung saan kayo at ng inyong anak nakatira at dapat isama ang sumusunod na impormasyon:

- Pangalan at tirahan ng mag-aaral;
- Pangalan ng paaralan na pinapasukan;
- Paglalarawan sa uri ng problema na inyong inireklamo na nauugnay sa iminungkahing pagsisimula o pagbabago, kabilang ang mga katotohanang nauugnay sa problema; at
- Isang iminungkahing paglutas ng problema sa abot ng kaalaman at magagamit ninyo sa panahong iyon.

Sa loob ng limang araw ng pasukan pagkatapos matanggap ang kahilingan para sa isang pagdinig, makikipag-ugnayan ang distrito sa ISBE sa pamamagitan ng sertipikadong koreo upang humiling ng

appointment ng isang walang kinikilingan na opisyal ng due process na pagdinig. Ang isang modelong form para sa paghiling ng due process na pagdinig ay dapat gawin kapag hiniling.

Sa loob ng limang araw sa kalendaryo ng paghain sa distrito ng inyong kahilingan sa pagdinig, kayo ay pinahihintulutan ng karapatang maghain ng isang binagong kahilingan sa pagdinig na maaaring sumaklaw sa mga usapin na hindi iniharap sa inyong paunang kahilingan sa pagdinig. Pagkalipas ng limang araw sa kalendaryo, kayo ay papayagan lamang na maghain ng isang binagong kahilingan sa pagdinig na may pagsang-ayon ng distrito o may pahintulot ng opisyal ng pagdinig. Kung kayo ay maghahain ng binagong kahilingan sa pagdinig na naglalatatag ng mga usapin maliban sa mga usapin sa inyong paunang kahilingan sa pagdinig, kakailanganin ninyong i-restart ang lahat ng timeline ng pagdinig at posibleng kumpletuhin ang mga bagong sesyon ng pagresolba at mga kumperensiya bago ang pagdinig. (Tingnan sa ibaba.)

Pagpupulong ng Resolusyon

Bago ang walang kinikilingan na due process na pagdinig, ang distrito ay magpapatawag ng isang pagpupulong kasama kayo at mga nauugnay na miyembro ng pangkat ng IEP na may partikular na kaalaman sa mga katotohanang tinukoy sa kahilingan para sa isang due process na pagdinig. Layunin ng pagpupulong ng resolusyon na talakayin ninyo ang inyong kahilingan para sa pagdinig at ang mga katotohanan na bumubuo ng batayan ng kahilingan upang ang distrito ng paaralan ay magkaroon ng pagkakataon na lutasin ang hindi pagkakaunawaan.

Ang pagpupulong ng resolusyon ay dapat na:

- Isagawa sa loob ng 15 araw pagkatapos matanggap ang abiso ng distrito ng kahilingan para sa isang due process na pagdinig;
- Isama ang isang kinatawan ng distrito na may awtoridad sa paggawa ng desisyon;
- Hindi isama ang abogado ng distrito maliban kung may kasama kayong abogado;
- Pahintulutan kayong talakayin ang inyong kahilingan para sa isang due process na pagdinig.

Kayo at ang distrito ay maaaring magkasundo sa pasulat na paraan na talikuran ang pagpupulong ng resolusyon o magkasundo sa pamamagitan ng sulat na gamitin ang proseso ng mediation tulad ng inilarawan. Pakitandaan na maaari ninyong gamitin ang mediation sa ibang araw kung mapatunayang hindi matagumpay ang sesyon ng resolusyon.

Kung may nagawang resolusyon, ang mga partido ay dapat magsagawa ng isang legal na may-bisang kasunduan na nilagdaan ninyo at ng isang kinatawan ng distrito na may awtoridad na ipailalim ang distrito. Ang nilagdaang kasunduan ay karaniwang maipapatupad sa anumang hukuman ng estado na may karampatang hurisdiksyon o sa hukuman ng distrito ng Estados Unidos. Gayunpaman, maaaring mapawalang-bisa ng alinmang partido ang naturang kasunduan sa loob ng tatlong araw ng negosyo pagkatapos ng paglagda sa kasunduan sa pamamagitan ng pagbibigay ng abiso ng layunin na mapawalang-bisa ang kasunduan sa pasulat na paraan sa kabilang partido.

Kung hindi naresolba ng distrito ng paaralan sa inyong kasiyahan ang kahilingan sa due process na pagdinig sa loob ng 30 araw pagkatapos matanggap ang kahilingan, magpapatuloy ang due process na pagdinig. Ang mga takdang panahon ng due process na pagdinig ay magsisimula sa pagkakapaso ng 30 araw na panahon.

Maaantla ng inyong kabiguan na lumahok sa pagpupulong ng resolusyon ang mga takdang panahon para sa proseso ng resolusyon at due process na pagdinig hanggang sa ganapin ang pagpupulong, maliban kung kayo at ang distrito ng paaralan ay sumang-ayon na talikuran ang pagpupulong ng resolusyon o nagkasundong gumamit ng mediation at kayo ay humiling ng due process na pagdinig. Sa mga bihirang pagkakataon, maaaring balewalain ng isang opisyal ng pagdinig ang inyong kahilingan sa pagdinig kung matukoy na sinadya ninyong hadlangan ang kakayahan ng distrito na magsagawa ng sesyon ng resolusyon.

Pagtatalaga ng Walang Kinikilingan na Opisyal ng Due Process na Pagdinig

Ang isang walang kinikilingan na opisyal ng pagdinig ay hihirangin ng ISBE upang magsagawa ng pagdinig. Ang opisyal ng pagdinig ay hindi maaaring empleyado ng anumang ahensiyang kasangkot sa edukasyon o pangangalaga ng inyong anak at hindi maaaring magkaroon ng anumang personal o propesyonal na interes na makakaapekto sa pagiging patas ng pagdinig.

Ang isang partido sa due process na pagdinig ay pahihintulutan ng isang pagpapalit ng isang opisyal ng pagdinig alinsunod sa karapatan. Ang isang kahilingan para sa isang kapalit na opisyal ng pagdinig ay dapat gawin sa pasulat na paraan sa ISBE sa loob ng limang araw pagkatapos ninyong matanggap ang abiso hinggil sa pagkakatalaga ng opisyal ng pagdinig. Kung sakaling kayo at ang distrito ay magsumite ng mga nakasulat na kahilingan sa parehong araw -- at ang mga ito ay natanggap nang sabay-sabay -- isasaalang-alang ng ISBE na ang pagpapalit ay sa kahilingan ng partido na unang humihiling ng pagdinig. Ang karapatan ng kabilang partido sa pagpapalit ay ganap na mapoprotektahan. Kapag ang isang partido sa pagdinig ay nagsumite ng wastong kahilingan para sa pagpapalit, ang ISBE ay pipili at magtatalaga ng isa pang opisyal ng pagdinig nang random sa loob ng tatlong araw.

Ang ISBE ay magtatalaga ng bagong opisyal ng pagdinig kung ang hinirang na opisyal ng pagdinig ay hindi maaari o tinanggal ang sarili bago ipaalam sa mga partido ang tungkol sa kanyang pagkakatalaga.

Kumperensiya Bago ang Pagdinig

Kung kayo at ang distrito ay hindi nagkaroon ng isang kasunduan sa pamamagitan ng proseso ng resolusyon, ang mga kahingian sa due process na pagdinig ay magpapatuloy. Maliban kung ang isang pinahihintulutang pagpapalawig ng panahon ay ipinagkaloob ng opisyal ng pagdinig, ang isang desisyon sa pagdinig ay dapat ibigay sa loob ng 45 araw pagkatapos ng pagsasara ng proseso ng sesyon ng resolusyon na inilarawan. Bago isagawa ang pagdinig, ang opisyal ng pagdinig ay dapat magsagawa ng kumperensiya bago ang pagdinig kasama ang mga partido.

Sa loob ng limang araw pagkatapos matanggap ang nakasulat na abiso ng ISBE, ang itinalagang opisyal ng pagdinig ay dapat makipag-ugnayan sa mga partido upang matukoy ang oras at lugar para ipatawag ang kumperensiya bago ang pagdinig. Ang kumperensiya bago ang pagdinig ay maaaring isagawa sa pamamagitan ng telepono o nang personal sa pagpapasiya ng opisyal ng pagdinig sa pagkonsulta sa inyo at sa distrito. Sa kumperensiya bago ang pagdinig, kayo, gayundin ang distrito, ay inaasahang ibubunyag ang sumusunod:

- 1) Mga usaping pinaniniwalaang pinagtatalunan sa pagdinig;
- 2) Mga testigo na maaaring tawagin sa pagdinig;
- 3) Listahan ng mga dokumento na maaaring isumite upang ipresenta ang kaso sa pagdinig.

Pakitandaan na kung kayo ay maghaharap ng mga usapin sa kumperensiya bago ang pagdinig na hindi kasama sa inyong kahilingan sa pagdinig, maaaring kailanganin ninyong magsumite ng isang binagong kahilingan sa pagdinig at kumpletuhin sa ibang araw ang isang bagong sesyon ng resolusyon at kumperensiya bago ang pagdinig. Ang isang binagong kahilingan sa pagdinig ay maaari ding magresulta sa pagkaantala ng pagdinig. (Tingnan ang “Paghiling ng Due Process na Pagdinig” sa pahina 13.)

Sa pagtatapos ng kumperensiya bago ang pagdinig, ang opisyal ng pagdinig ay dapat maghanda ng isang ulat ng kumperensiya at ilagay ito sa rekord ng pagdinig. Dapat kasama sa ulat ang, ngunit hindi kailangang limitado sa:

- Mga usapin, pagkakasunod-sunod ng presentasyon, at anumang pag-iskedyul ng mga akomodasyon para sa mga partido o mga testigo;
- Isang pagpapasiya ng kaugnayan at materyalidad ng mga dokumento o testigo, kung tinalakay ng isang partido o ng opisyal ng pagdinig; at
- Isang listahan ng mga itinakda (o napagkasunduan) na mga katotohanan tulad ng tinalakay sa panahon ng kumperensiya bago ang pagdinig.

Mga Karapatan Bago ang Pagdinig

Kayo ay may karapatan na:

- Samahan at payuhan ng tagapayo at ng mga indibidwal na may espesyal na kaalaman tungkol sa mga problema ng mga mag-aaral na may kapansanan;
- Siyasatin at suriin ang lahat ng mga rekord ng paaralan na nauukol sa mag-aaral at kumuha ng mga kopya ng anumang naturang mga rekord;
- Ma-access ang listahan ng distrito ng mga independiyenteng evaluator at kumuha ng independiyenteng ebalwasyon ng mag-aaral sa sarili ninyong gastos;
- Maabisuhan nang hindi bababa sa limang araw bago ang pagdinig ng anumang ebidensyang ilalagay;
- Pilitin ang pagdalo sa pagdinig ng sinumang empleyado ng lokal na distrito ng paaralan, o sinumang ibang tao na maaaring may impormasyon na nauugnay sa mga pangangailangan, kakayahan, iminungkahing programa, o katayuan ng mag-aaral;
- Humiling na magkaroon ng interpreter sa panahon ng pagdinig;
- Panatilihin ang placement at status ng kwalipikasyon ng mag-aaral hanggang sa makumpleto ang lahat ng administratibo at hudisyal na pagdinig; at
- Humiling ng isang pinabilis na pagdinig upang baguhin ang placement ng inyong anak o kung hindi kayo sumasang-ayon sa pagtukoy ng distrito sa manipestasyon o ang pagtatanggal ng distrito sa mag-aaral sa isang pansamantalang alternatibong setting ng edukasyon.

Mga Karapatan sa Panahon ng Pagdinig

Kayo ay may karapatan na:

- Magkaroon ng patas, walang kinikilingan, at maayos na pagdinig;
- Magkaroon ng pagkakataon na magpakita ng ebidensiya, testimonya, at mga argumento na kinakailangan upang suportahan at/o linawin ang usaping pinagtatalunan;
- Isara ang pagdinig sa publiko;
- Iharap ang inyong anak sa pagdinig;
- Harapin at masusing tanungin ang mga testigo; at
- Ipagbawal ang pagpasok ng ebidensiya na hindi isiniwalat nang hindi bababa sa limang araw bago ang pagdinig.

Ang Pagdinig

Dapat tiyakin ng ISBE at ng opisyal ng pagdinig na ang isang pagdinig ay gaganapin sa loob ng 45 araw pagkatapos matanggap ang isang kahilingan para sa isang pagdinig, maliban kung ang opisyal ng pagdinig ay magkakaloob ng isang pagpapalawig ng panahon sa kahilingan ng alinmang partido. Sa loob ng 10 araw pagkatapos ng pagdinig, ang opisyal ng pagdinig ay dapat maglabas ng nakasulat na desisyon na naglalahad ng mga usaping pinagtatalunan, mga natuklasang katotohanan batay sa ebidensiya at testimonyang iniharap, at mga konklusyon ng batas at mga utos ng opisyal ng pagdinig. Ang opisyal ng pagdinig ay dapat gumawa ng isang pagpapasiya tungkol sa lahat ng mga usaping iniharap sa kahilingan sa pagdinig (maliban kung naayos ng mga partido bago ang pagdinig) pati na rin ang pangkalahatang pagpapasiya kung ang distrito ay nagbigay ng FAPE sa mag-aaral batay sa mga katotohanan ng kaso.

Pinabilis na mga Pagdinig

Gaya ng inilarawan sa seksyon ng “Disiplina ng mga Mag-aaral na may Kapansanan” simula sa pahina 8, maaaring hilingin ang isang pinabilis na pagdinig kapag mayroon kayong hindi pagkakasundo tungkol sa desisyon ng distrito na tanggalin ang inyong anak mula sa kasalukuyang edukasyonal na placement dahil sa mga isyu sa pagdidisiplina. Ang mga pinabilis na pagdinig ay may ilang pagkakatulad sa, ngunit may ilang pangunahing pagkakaiba mula sa, regular na due process na mga pagdinig. Ang mga pangunahing pagkakaiba sa regular na due process na mga pagdinig ay ang mga sumusunod:

- Ang sesyon ng resolusyon ay dapat isagawa sa loob ng pitong araw sa kalendaryo mula sa paghahain ng kahilingan sa pinabilis na pagdinig;
- Ang pagdinig ay dapat isagawa sa loob ng 20 araw ng pasukan mula sa paghahain ng kahilingan sa pagdinig;

- Ang desisyon sa pagdinig ay dapat ibigay sa loob ng 10 araw ng pasukan pagkatapos ng pagsasara ng pagdinig;
- Hindi maaaring hilingin ang pagpapalit ng hinirang na opisyal ng pagdinig.

Kahilingan sa Paglilinaw

Pagkatapos mailabas ang desisyon, pananatilihin ng opisyal ng pagdinig ang hurisdiksyon sa kaso para sa tanging layunin ng pagsasaalang-alang sa kahilingan ng alinmang partido para sa paglilinaw ng pinal na desisyon. Maaari kayong humiling ng paglilinaw ng pinal na desisyon sa pamamagitan ng pagsusumite ng kahilingan sa pasulat na paraan sa opisyal ng pagdinig sa loob ng limang araw pagkatapos matanggap ang desisyon. Dapat tukuyin ng kahilingan sa paglilinaw ang mga bahagi ng desisyon kung saan kayo humihingi ng paglilinaw. Ang isang kopya ay dapat ipadala sa lahat ng partidong kasangkot sa pagdinig at sa ISBE. Ang opisyal ng pagdinig ay dapat maglabas ng paglilinaw ng tinukoy na bahagi ng desisyon o maglabas ng pagtangga sa kahilingan sa pasulat na paraan sa loob ng 10 araw pagkatapos matanggap ang kahilingan.

Pag-apela sa Desisyon

Kasunod ng due process na pagdinig, ang partidong hindi nasiyahan sa pinal na utos ng opisyal ng pagdinig ay may karapatan na magsimula ng isang aksyong sibil. Ang aksyong sibil ay maaaring dalhin sa alinmang korte ng estado na may karampatang hurisdiksyon o sa Korte ng Distrito ng Estados Unidos sa loob ng 120 araw pagkatapos maipadala ang kopya ng desisyon sa mga partido. Ang mga pamamaraan para sa pagsasampa ng mga naturang aksyon ay makukuha mula sa opisina ng klerk para sa hukuman kung saan gagawin ang pagsasampa.

Pagpapanatili ng Placement

Sa panahon ng isang nakabinbing due process na pagdinig o anumang hudisyal na paglilitis, ang inyong anak ay dapat manatili sa kanyang kasalukuyang edukasyonal na placement na may status ng pagiging kwalipikado at espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo na ibinigay sa panahon ng paghahain ng kahilingan sa pagdinig. Gayunpaman, kung binago ng distrito ang placement ng mag-aaral bilang tugon sa isang insidente ng pagdidisiplina at ang placement na ito ay napapailalim sa isang pinabilis na pagdinig, ang bagong placement ng distrito ay pananatilihin habang nakabinbin ang pinal na desisyon sa pinabilis na pagdinig. (Pakitingnan ang seksyon ng “Disiplina ng mga Mag-aaral na may Kapansanan” simula sa pahina 8.)

Pagpataw ng Bayad sa Abogado

Sa anumang aksyon o paglilitis na isinagawa sa ilalim ng IDEA, maaaring igawad ng korte ng karampatang hurisdiksyon ang mga makatuwirang bayad sa abogado. Ang mga ito ay mga bayarin sa inyong abogado (hindi kasama ang hindi lisensyadong tagapagtaguyod o iba pang kinatawan na hindi abogado) na may kaugnayan sa kanyang representasyon ng inyong mga interes sa mga due process na pagdinig. Maaaring igawad ng korte ang mga naturang bayad:

- Sa magulang o tagapangalaga ng mag-aaral na may kapansanan na siyang nangingibabaw na partido;
- Sa nangingibabaw na partido na isang State Education Agency (SEA) o distrito laban sa abogado ng magulang na nagsampa ng reklamo o kasunod na kaso ng aksyon na walang kabuluhan, hindi makatuwiran, o walang pundasyon;
- Sa isang nangingibabaw na SEA o distrito laban sa abogado ng magulang, o laban sa magulang, kung ang reklamo ng magulang o ang kasunod na dahilan ng pagkilos ay iniharap para sa anumang hindi tamang layunin, tulad ng panggugulo, pagdudulot ng hindi kinakailangang pagkaantala, o walang kabuluhang pagdaragdag sa gastos sa paglilitis.

Ang mga iginawad na bayad ay dapat na nakabatay sa mga rate na umiiral sa komunidad kung saan nagmula ang aksyon o paglilitis para sa uri at kalidad ng mga serbisyong ibinigay. Maaaring bawasan ng korte ang mga bayarin sa abogado batay sa ilang salik, kabilang ang mga hindi makatuwirang bayad na sinisingil, di-kinakailangang pinatagal na paglilitis, o pagkakaroon ng kasunduan sa pag-aayos sa pagitan ng mga partido. Kayo ay hinihimok na talakayin ang mga bagay na ito sa inyong abogado.

Ang karagdagang impormasyon sa mga proseso ng paglutas ng hindi pagkakaunawaan at mga mapagkukunan ay matatagpuan sa ISBE sa sumusunod na link: <https://www.isbe.net/Pages/Special-Education-Effective-Dispute-Resolution.aspx>

PANG-EDUKASYON NA KAHALILING MAGULANG

Sa pagpapa-enroll ng isang mag-aaral, ang residenteng distrito ng paaralan ay dapat gumawa ng mga makatuwirang pagsusumikap na makipag-ugnayan sa magulang ng batang na-refer sa, o nangangailangan ng, espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo. Kung ang magulang ay hindi matukoy o matagpuan o ang bata ay isang ward of the state na naninirahan sa isang residensyal na pasilidad at hindi pa nagagawa ng residensyal na pasilidad, ang kinatawan ng pasilidad na ito ay dapat magsumite sa ISBE ng kahilingan para sa pagtatalaga ng kahaliling magulang upang matiyak na ang mga karapatan ng bata sa edukasyon ay protektado. Kung ang bata ay isang ward of the state, maaaring humirang ng kahaliling magulang ang hukom na nangangasiwa sa pangangalaga sa bata. Sa kaso ng walang kasama at walang tirahan na mag-aaral, ang distrito ay magtatalaga ng kahaliling magulang.

Ang isang bata na naninirahan sa foster home o sa kamag-anak na tagapag-alaga ay hindi na nangangailangan ng paghirang ng pang-edukasyon na kahaliling magulang. Ang foster parent o kamag-anak na tagapag-alaga ay kakatawan sa mga pangangailangang pang-edukasyon ng bawat bata na inilagay sa kanyang tahanan.

Kung kayo ay hinirang ng inyong paaralan na maging isang kahaliling magulang, ang lahat ng mga karapatang ipinaliwanag sa dokumentong ito ay mapapasainyo. Kayo ay hindi dapat empleyado ng isang pampublikong ahensiya na kabilang sa edukasyon o pangangalaga ng bata, walang salungat na interes sa bata, at dapat magkaroon ng kaalaman at kasanayan na kinakailangan upang matiyak ang sapat na representasyon ng bata. Kung kayo ay empleyado ng isang residensyal na pasilidad, maaari kayong mapili bilang pang-edukasyon na kahaliling magulang para sa isang bata na naninirahan sa pasilidad na iyon kung nagbibigay lamang ito ng hindi pang-edukasyon na pangangalaga sa bata.

Bilang isang pang-edukasyon na kahaliling magulang, maaari ninyong katawanin ang bata sa lahat ng bagay na may kaugnayan sa pagtukoy, ebalwasyon, edukasyonal na placement, at pagkakaloob ng FAPE.

ACCESS SA MGA EDUKASYONAL NA REKORD

Ang inyong lokal na distrito ay responsable sa pagprotekta sa kumpidensyalidad ng mga edukasyonal na rekord ng inyong anak.

Mga Depinisyon

- Ang *pagsira* ay nangangahulugang pisikal na pagkasira o pagtanggap ng mga personal na tagatukoy mula sa impormasyon upang ang impormasyon ay hindi na personal na makikilala.
- *Mga rekord ng edukasyon* – Ang Family Educational Rights and Privacy Act (FERPA) ay tumutukoy sa “mga rekord ng edukasyon” bilang mga talaan na direktang nauugnay sa isang mag-aaral at pinananatili ng isang ahensiyang pang-edukasyon o ng isang partido na kumikilos para sa ahensiya.
- Ang *kalahok na ahensiya* ay nangangahulugang anumang distrito ng paaralan, ahensiya, o institusyon na nangongolekta, nagpapanatili, o gumagamit ng impormasyong may personal na pagkakakilanlan, o kung saan nakuha ang impormasyon.
- Ang ibig sabihin ng *may personal na pagkakakilanlan* ay impormasyon na mayroong:
 - a) Pangalan ng inyong anak, pangalan ninyo bilang magulang, o pangalan ng ibang miyembro ng pamilya;
 - b) Tirahan ng inyong anak;
 - c) Personal na tagatukoy, tulad ng Social Security number o student number ng inyong anak; o
 - d) Listahan ng mga personal na katangian o iba pang impormasyon na magbibigay-daan sa pagtukoy sa inyong anak nang may makatuwirang katiyakan.

Mga Karapatan sa Pag-Access

Bilang magulang, kayo ay may karapatan na siyasatin at suriin ang anumang mga edukasyonal na rekord na may kaugnayan sa inyong anak na kinokolekta, pinapanatili, o ginagamit ng distrito. Dapat sumunod ang distrito sa isang kahilingan na repasuhin ang edukasyonal na rekord nang walang di-kinakailangang pagkaantala at bago ang anumang pagpupulong na may kaugnayan sa pagtukoy, ebalwasyon, o placement ng mag-aaral. Ang kahilingan na siyasatin at kopyahin ang mga rekord ay dapat ibigay sa loob ng 10 araw ng negosyo pagkatapos matanggap ang kahilingan ng opisyal na tagapag-ingat ng mga rekord. Maaaring palawigin ito ng distrito ng paaralan nang hindi hihigit sa karagdagang limang araw ng negosyo para sa isa sa mga sumusunod na dahilan:

- Ang mga rekord ay nakaimbak sa labas ng site o sa iba't ibang lokasyon;
- Ang kahilingan ay nangangailangan ng koleksyon ng napakaraming tinukoy na rekord;
- Ang kahilingan ay nangangailangan ng isang ekstensibong paghahanap;
- Kailangan ng mga karagdagang pagsisikap para mahanap ang mga rekord;
- Ang kahilingan ay naging pabigat sa distrito ng paaralan; o
- May pangangailangan sa konsultasyon sa ibang pampublikong organisasyon o distrito ng paaralan tungkol sa kahilingan.

Hindi kailanman bibigyan ang isang kahilingan na siyasatin at kopyahin ang mga rekord nang higit 15 araw ng negosyo pagkatapos gawin ang kahilingan maliban kung ang magulang at ang distrito ng paaralan ay nagkasundo sa pasulat na paraan sa pagpapalawig ng yugto ng panahon.

Kabilang sa karapatang siyasatin at suriin ang mga edukasyonal na rekord ang:

- Karapatan sa tugon mula sa distrito ng paaralan sa mga makatuwirang kahilingan para sa mga paliwanag at interpretasyon ng mga rekord;
- Karapatang ipasiyasat at ipasuri sa inyong kinatawan ang mga rekord; at
- Karapatang hilingin sa distrito ng paaralan na magbigay ng mga kopya ng mga rekord ng edukasyon, kung ang hindi pagbibigay ng mga kopyang iyon ay makakapigil sa inyo sa paggamit ng inyong karapatan na siyasatin at suriin ang mga rekord sa isang lokasyon kung saan ang mga ito ay karaniwang pinananatili.

Maaaring ipalagay ng lokal na distrito ng paaralan na kayo ay mayroong awtoridad na siyasatin at suriin ang mga rekord na may kaugnayan sa inyong anak, maliban kung ang distrito ng paaralan ay pinayuhan na wala kayong awtoridad sa ilalim ng naaangkop na batas ng estado na namamahala sa mga bagay tulad ng pangangalaga, paghihiwalay, at diborsyo.

Ang lokal na distrito ng paaralan ay dapat magbigay sa inyo, kapag hiniling, ng listahan ng mga uri at lokasyon ng mga edukasyonal na rekord na kinokolekta, pinapanatili, o ginagamit ng distrito.

Ang mga lokal na distrito ng paaralan ay dapat gumawa ng mga log na nagtatala ng pagbibigay ng mga kaugnay na serbisyong pinangangasiwaan sa ilalim ng IEP ng inyong anak at ang minutes ng bawat uri ng kaugnay na serbisyong naibigay na magagamit ninyo anumang oras kapag hiniling ninyo. Dapat ipaalam sa inyo ng lokal na distrito ng paaralan sa loob ng 20 araw ng pasukan mula sa simula ng taon ng pasukan o sa pagtatatag ng isang IEP na mayroon kayong opsyon na humiling ng mga nauugnay na log ng serbisyo. Ang isang lokal na distrito ng paaralan ay dapat gumawa ng mga log para sa mga serbisyo sa pagsasalita at wika, mga serbisyo sa occupational therapy, mga serbisyo sa physical therapy, mga serbisyo ng paaralan sa social work, mga serbisyo ng paaralan sa counseling, mga serbisyo ng paaralan sa psychology, at mga serbisyo ng paaralan sa nursing.

Ibibigay sa inyo ang lahat ng datos na kinolekta at sinuri ng distrito ng paaralan patungkol sa inyong anak sa siyentipiko at nakabatay sa pananaliksik na interbensyon o multi-tiered na sistema ng proseso ng suporta.

Mga Bayad sa Paghahanap, Pagkuha, at Pagkopya ng mga Rekord

Ang isang lokal na distrito ng paaralan ay hindi maaaring maningil ng bayad para sa paghahanap o pagkuha ng impormasyon. Gayunpaman, ang isang lokal na distrito ng paaralan ay maaaring maningil ng makatuwirang halaga (ngunit hindi hihigit sa \$.35 bawat pahina) para sa pagkopya ng mga rekord ng mag-aaral sa paaralan. Walang magulang o mag-aaral ang dapat tanggihan sa paghiling ng kopya ng mga rekord dahil sa kawalan ng kakayahang sagutin ang halaga ng naturang pagkopya.

Rekord ng Access

Ang isang distrito ay maaari lamang maglabas ng impormasyon nang may pahintulot ninyo, maliban kung pinapayagan ng batas ng estado o pederal. Ang isang lokal na distrito ng paaralan ay dapat magtabi ng rekord ng mga partidong kumuha ng access sa mga edukasyonal na rekord na kinolekta; pinanatili; o ginamit (maliban sa mga magulang at awtorisadong empleyado ng lokal na distrito), kabilang ang pangalan ng partido, petsa kung kailan ibinigay ang access, at ang layunin kung saan pinahintulutan ang partido na gamitin ang mga rekord.

Mga Rekord sa Higit sa Isang Bata

Kung ang anumang rekord ng edukasyon ay may kasamang impormasyon tungkol sa higit sa isang bata, ang mga magulang ng mga batang iyon ay may karapatan na siyasatin at suriin lamang ang tanging impormasyong may kaugnayan sa kanilang anak o malaman ang tungkol sa partikular na impormasyong iyon.

Pag-amyenda sa mga Rekord sa Kahilingan ng Magulang

Kung kayo ay naniniwala na ang impormasyon sa mga rekord ng inyong anak ay mali, nakakalito, o lumalabag sa pagkapribado o iba pang mga karapatan ng inyong anak, maaari ninyong hilingin sa distrito ng paaralan na amyendahan ang rekord. Ang lokal na distrito ng paaralan ay dapat magpasiya kung aamyendahan ang impormasyon sa loob ng 15 araw ng pasukan mula sa petsa ng pagtanggap ng inyong kahilingan. Kung tumanggi ang distrito na amyendahan ang impormasyon alinsunod sa kahilingan, dapat ipaalam sa inyo ng distrito ang pagtanggig at payuhan kayo sa inyong karapatan sa pagdinig ng rekord tulad ng nakasaad sa ibaba.

Pagdinig ng Rekord

Ang distrito ng paaralan ay dapat, kapag hiniling, na magbigay sa inyo ng pagkakataon sa pagdinig ng rekord para hamunin ang impormasyon sa mga rekord ng inyong anak. Ito ay hindi due process na pagdinig at hindi gaganapin sa harap ng isang opisyal ng pagdinig na hinirang ng ISBE; sa halip, ito ay isang pagdinig na ginaganap sa lokal na antas.

Kung, bilang resulta ng pagdinig, napagpasiyahan na ang impormasyon ay mali, nakakalito, o lumalabag sa mga karapatan ng inyong anak, dapat amyendahan ng distrito ng paaralan ang impormasyon at ipaalam sa inyo sa pasulat na paraan na ginawa na ito.

Kung, bilang resulta ng pagdinig, napagpasiyahan na ang impormasyon ay tama, hindi nakakalito, o hindi lumalabag sa mga karapatan ng inyong anak, dapat ipaalam sa inyo ng distrito ng paaralan ang inyong karapatan na magkomento sa impormasyon o magbigay ng anumang mga dahilan ng hindi pagsang-ayon sa desisyon ng distrito ng paaralan. Ang anumang paliwanag na inilagay sa rekord ng inyong anak ay dapat pangalagaan ng distrito ng paaralan bilang bahagi ng mga rekord ng inyong anak hangga't ang rekord o ang pinagtatalunang bahagi ay pinananatili ng distrito ng paaralan. Kung ang mga rekord ay ibinunyag ng distrito sa alinmang partido, ang paliwanag ay dapat ding ibunyag.

Pahintulot sa Pagbubunyag ng Impormasyong may Personal na Pagkakakilanlan

Dapat makuha ang inyong pahintulot bago ibunyag ang impormasyong may personal na pagkakakilanlan sa mga partido maliban sa mga opisyal ng mga kalahok na ahensiya, maliban kung ang pagbubunyag ng naturang impormasyon na nilalaman ng mga rekord ng edukasyon ay pinahintulutan sa ilalim ng FERPA.

Maliban sa mga sitwasyong tinukoy sa ibaba, hindi kailangan ang inyong pahintulot bago ilabas ang impormasyong may personal na pagkakakilanlan sa mga opisyal ng mga kalahok na ahensiya para sa layuning matugunan ang isang kahingian ng IDEA.

- Ang inyong pahintulot, o pahintulot ng isang bata na may karapatan na nasa hustong gulang sa ilalim ng batas ng estado, ay dapat makuha bago ilabas ang impormasyong may personal na pagkakakilanlan sa mga opisyal ng mga kalahok na ahensiya na nagbibigay o nagbabayad para sa mga serbisyo ng transisyon.
- Kung ang inyong anak ay naka-enroll o mag-e-enroll sa isang pribadong paaralan na hindi matatagpuan sa parehong distrito ng paaralan kung saan kayo nakatira, ang inyong pahintulot ay dapat makuha bago ilabas ang anumang impormasyong may personal na pagkakakilanlan ng inyong anak sa pagitan ng mga opisyal sa distrito ng paaralan kung saan matatagpuan ang pribadong paaralan at mga opisyal sa distrito ng paaralan kung saan kayo nakatira.

Mga Pananggalang

Umiiral ang sumusunod na mga pananggalang para mapanatili ang kumpidensyalidad ng mga rekord ng mag-aaral:

- Dapat protektahan ng bawat kalahok na ahensiya ang kumpidensyalidad ng impormasyong may personal na pagkakakilanlan sa mga yugto ng pangongolekta, pag-iimbak, pagbubunyag, at pagsira.
- Ang isang opisyal sa bawat kalahok na ahensiya ay dapat umako sa responsibilidad para sa pagtiyak ng kumpidensyalidad ng anumang impormasyong may personal na pagkakakilanlan.
- Ang lahat ng taong nangongolekta o gumagamit ng impormasyong may personal na pagkakakilanlan ay dapat makatanggap ng pagsasanay o instruksyon tungkol sa kumpidensyalidad sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA at FERPA.
- Bawat kalahok na ahensiya ay dapat magpanatili, para sa pampublikong inspeksyon, ng kasalukuyang listahan ng mga pangalan at posisyon ng mga empleyadong iyon sa ahensiya na maaaring may access sa impormasyong may personal na pagkakakilanlan.

Pagsira ng Impormasyon

Dapat ipaalam sa inyo ng distrito ng paaralan kapag ang mga impormasyong may personal na pagkakakilanlan na nakolekta, pinanatili, o ginamit sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA ay hindi na kailangan upang mabigyan ng mga serbisyo pang-edukasyon ang inyong anak.

- Ang bawat paaralan ay dapat magpanatili ng mga permanenteng rekord ng mag-aaral at ang impormasyong nakapaloob dito sa loob ng hindi bababa sa 60 taon matapos ang mag-aaral ay lumipat, nagtapos, o kung hindi man ay permanenteng umalis sa paaralan.
- Dapat panatilihin ng bawat paaralan ang mga pansamantalang rekord ng mag-aaral at ang impormasyong nakapaloob sa mga rekord na iyon nang hindi bababa sa limang taon pagkatapos lumipat, nagtapos, o kung hindi man ay umalis ang mag-aaral sa paaralan.

Mga Karapatan ng Mag-aaral

Isinasaad ng FERPA na ang mga karapatan ng mga magulang tungkol sa mga rekord ng edukasyon ay inililipat sa mag-aaral sa edad na 18. Ang mga karapatan ng mga magulang sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA tungkol sa mga rekord ng edukasyon ay inililipat din sa mag-aaral sa edad na 18. Gayunpaman, ang isang pampublikong ahensiya ay dapat magbigay ng anumang abiso na kinakailangan sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA sa kapwa mag-aaral at sa mga magulang.

PAGLILIPAT NG MGA KARAPATAN NG MAGULANG

Nagiging adultong mag-aaral ang inyong anak sa edad na 18. Lahat ng mga karapatan ng magulang na tinalakay sa dokumentong ito ay lilipat sa kanya sa panahon na iyon, maliban kung hindi inabisuhan ang

distrito ng paaralan. Ibabahagi ninyo ang karapatang tumanggap ng lahat ng kinakailangang paunang nakasulat na mga abiso at ibigay ng paaralan ang mga abisong ito sa inyo at sa inyong anak.

Sa o bago ang ika-17 kaarawan ng inyong anak, dapat kasama sa IEP ang isang pahayag na kayo at ang inyong anak ay inabisuhan na ang mga karapatang ito ay ililipat sa ika-18 kaarawan. Bukod pa rito, sa pagpupulong na ito, kayo ay makakatanggap ng form ng *Delegation of Rights to Make Educational Decisions*.

Maaaring magpasiya ang inyong anak na gamitin ang form na ito upang kayo ay italaga o ang isa pang indibidwal upang kumatawan sa kanyang mga edukasyonal na interes kapag nasa hustong gulang na siya. Ang form na ito ay dapat na ibigay sa lokal na distrito ng paaralan.

Dapat tukuyin ng form ng *Delegation of Rights to Make Educational Decisions* ang indibidwal na itinalaga upang kumatawan sa mga karapatan sa edukasyon ng inyong anak at isama ang parehong lagda ng indibidwal pati na rin ang lagda ng inyong anak (o sa iba pang paraan, gaya ng audio o video format na tugma sa kanyang kapansanan). Maaaring wakasan ng inyong anak ang mga Delegation of Rights anumang oras at magsimulang gumawa ng sarili niyang mga desisyon sa edukasyon. Mananatiling may bisa ang Delegation of Rights sa loob ng isang taon pagkatapos itong lagdaan at maaaring i-renew taon-taon.

Ang pahayag na ito ng mga karapatan ng magulang ay binuo ng Tanggapan ng mga Programa sa Espesyal na Edukasyon ng Kagawaran ng Edukasyon ng U.S. at binago ng Lupon ng Edukasyon ng Estado ng Illinois upang tumupad sa mga panuntunan ng Illinois.

Ang muling pinahintulutan na Batas sa Edukasyon ng mga Indibidwal na may Kapansanan ng 2004 (IDEA 2004) ay isinabatas noong Disyembre 3, 2004. Ang mga probisyon ng Batas ay nagkabisa noong Hulyo 1, 2005. Ibinigay ng ISBE itong Abiso ng mga Pananggalang sa Pamamaraan upang ipaalam sa inyo ang inyong mga karapatan sa ilalim ng mga pagbabago sa batas pederal.